

# Mga Bayani NG Pananampalataya

panitikan ng paaralan



WOW!

**LIBRO NG GURO**

For all ages





# MGA BAYANI NG PANANAMPALATAYA



Syllabus ng paaralan ng Linggo mula sa “Ang Mga Bata ay Mahalaga”

Libro ng Guro

For all ages

Yunit 2: mga aralin 1-13 (14-26)

Web:[www.ChildrenAreImportant.com/heroes/](http://www.ChildrenAreImportant.com/heroes/)

**SALAMAT SA BUONG PANGKAT NG “ANG MG BATA AY MAHALAGA” TEAM!**

Editor: Kristina Krauss

Malikhaing Pangkat: Abril Palacios Camacho, Areli Zuriel Salinas Sanchez, Dwight Krauss, Jennifer Sánchez Nieto, Julio Sánchez Nieto, Mike Kangas, Monserrat Duran Díaz, Suki Kangas, Verónica Toj, at Vickie Kangas.

Salamat kay Rubén Dario para sa napakagandang musika sa programang ito.

Pangkat ng Tagapagsalin: alineviera, Anupama Wankhede, Anton Klymyk, ArazMammadzadeh, Aroma Publications and Media, Arturo Jr Boron, blackybass36, Blessy Jacob, Carmela Dawn Flores, chiqr, Chrisbresnahan, climartins, David Raju, Ephraim Njuguna Mirobi, Finny Jacob, Geenav, freedomrun, HamidRezaAzimi (hamid.azimi1364 at gm#ail com), Heyaudrey, highlancer, hoshi\_lio, I-clever.com, iqbalman, Jacob Kuruvilla, kamilturk, Karunguru Mwangi, kaushaljalati, kittu586, maitrayi, Marco Chu, Marcos Rocha, Mathew Das, Mitesh Mandaliya, mrramlama, Mrs.GeethashreeNavaneethaKrishnan, Nassim Bougtaia, nicbenk, Paul Mwangi, Paul Septan, Rana922, Rubina Rai, Safdar, shahroshan15, Talento-Unido, ueritom, VerdiaJuliansyahCancerika, Zeina Mirella BarzagaArencibia

# PANIMULA

**¡MALIGAYANG PAGBABALIK!** sa ikalawang yunit ng "Mga Bayani ng Pananampalataya" paaralan tuwing Linggo! Habang natututuhan natin ang tungkol sa ating pananampalataya na may iba't ibang "Bayani" mula sa Lumang Tipan, mahalagang makita kung saan natin ibabatay ang ating pananampalataya, at dito tayo tutuon sa Yunit 2. Kapag umupo tayo sa isang upuan, naniniwala tayo na sasaluhin tayo ng upuan, at hindi ito masisira o hahayaan tayong mahulog sa sahig. Ang ating pananampalataya ay nasa upuan, sa lakas nito, sapagkat alam natin na tutulong ito sa atin. Gayundin din sa Diyos. Ang ating pananampalataya ay malinaw at simple kapag alam natin kung sino ang Diyos. Kailangan nating malaman kung sino ang Diyos, upang makapagpahinga tayo sa Kanya. Tulad ng pagkakaalam natin na tutulungan tayo ng upuan, kailangan nating malaman kung sino ang Diyos, at tutulungan din Niya tayo. Ang talata para sa yunit na ito ay nagsasabi na kailangan muna nating maniwala na may Diyos. May Diyos! Hindi tayo nag-iisa sa mundong ito, nilikha ng Diyos ang mundo at nilikha tayo. Ikalawa, kailangan nating maniwala na binibigyan Niya ng gantimpala ang mga naghahanap sa Kanya. Kailangan nating paniwalaan kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa Diyos. Tayo ay lulundag sa mas marami pang kuwento sa Lumang Tipan, ngunit ngayon ay tututuhan tayo sa Diyos mismo. Ano ang matututuhan natin sa katangian ng Diyos, sino Siya, at paano Siya kumikilos sa iba't ibang sitwasyon? Habang higit pa nating natututunan ang tungkol sa Diyos, sa paniniwala sa lahat, mapapalakas nito ang ating pananampalataya. Ito ay isang mahusay na paraan upang pasalamatan ang Diyos, dahil sinasabi din ng pangunahing talata...

“Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita.” Mga Hebreo 11:6

Naglagay kami ng sapat na tanong upang laruin ang “Laro ng mga Bayani” nang tatlong beses sa yunit na ito. Iminumungkahi namin na laruin mo ang laro sa mga aralin 4, 8 at 13. Halimbawa, umabot ng isang oras pagkatapos ng normal na klase o maglaro ng isa pang araw sa linggo. Bilang guro, gamitin ang larong ito bilang isa pang kasangkapan sa pagtuturo sa mga bata.

Para sa iyong suporta inulit namin ang pananaw at tagubilin ng Yunit 1 sa kung paano gamitin ang materyal na ito at ang iba't ibang seksyon nito. Umaasa kami na makakatulong itong muli sa iyo upang magamit ang programang ito sa iyong klase upang baguhin ang buhay ng mga bata.

Sa yunit na ito, hinahamon ka namin na lumapit sa makapangyarihang Diyos na lumikha ng sansinukob, na nabuhay at gumalaw sa Lumang Tipan, at ngayon ay buhay at kumikilos sa atin.

Pagpalain nawa ng Diyos ang iyong buhay sa pamamagitan ng pamamahala sa mga bata sa paligid mo upang makita ang buhay ng “Mga Bayani ng Pananampalataya”!

Nagmamahal,

Pangkat ng Ang mga Bata ay Mahalaga



# PAANO GAMITIN ANG MATERYAL NA ITO

## ☀️ KAILANGANG KUWENTO / PAGPAPASIYA

*“Ang mahusay na guro ay hindi isa na naghahatid ng kaalaman sa kanyang mga estudyante, kundi isa na gumigising sa kanilang interes at ginagawa silang sabik na ipagpatuloy ito para sa kanilang sarili.” - M.J Berrill*

Upang ang iyong mga estudyante ay hindi lamang magbigay pansin sa silid-aralan kundi upang gamitin din sa kanilang buhay kung ano itinuro sa kanila, kailangan nila ng paghihikayat.

Marami ang nagsisikap na hikayatin ang mga bata sa pamamagitan ng matatamis na gantimpala o parusa kapag hindi sila nagbigay ng pansin. Habang ang dalawang pamamaraan na ito ay nagbibigay sayo ng mabuting pag-uugali sa silid-aralan, wala itong nagagawa upang mahikayat ang mga ito upang ISABUHAY ang alituntuning kanilang natutunan sa sandaling bumalik sila sa kanilang mga bahay. Bilang mga guro ng mga bata sa Kristiyanong simbahan, HINDI namin sila nililibang upang hindi nila maabala ang pagpupulong ng mga nakatatanda. Sa halip, sinusubukan naming magpalaki ng isang bagong henerasyon ng mga mananampalataya na sumusunod sa Diyos, nakikilala Siya at naglilingkod sa Kanya. Bagaman ito ay mahirap na gawain para sa sinuman sa atin, ang kahanga-hangang bagay ay Diyos na mismo ang nagmamalasakit sa bawat bata higit sa ginagawa natin, at binibigyan Niya tayo ng Kanyang lakas upang makapagpatuloy at ang Kanyang karunungan upang mag-udyok at maglingkod sa buhay ng bawat bata.

Upang matulungan kang ganyakin ang iyong mga mag-aaral, nagbigay kami ng isang “Kailangang kuwento” sa simula ng bawat aralin upang matulungan ang mga mag-aaral na MARAMDAMAN ang kanilang pangangailangan sa Diyos at GAMITIN kung ano kanilang natututunan sa kanilang tunay na buhay sa kanilang mga bahay. Bawat kwento ay nagtatampok ng isa sa limang kathang-isip ng mga karakter na aming nilikha. Mangyaring huwag mag-atubiling baguhin ang kanilang mga pangalan. Ang isang ideya ay upang hilingin sa mga boluntaryo na kumilos ayon sa mga kuwento bawat linggo. Kung hindi ito praktikal, maaari mo nang basahin ang mga kuwento nang malakas sa mga bata. Maaari kang humingi ng mga ideya sa mga bata upang malutas ang mga problema. Huwag mong sabihin sa kanila kung ang kanilang mga ideya ay masama, mabuti, mali o tama at huwag agad magbigay ng solusyon. Gamitin ang hindi nalutas na pag-igting upang ganyakin ang mga bata na bigyang pansin ang aralin.

Ang Bahagi ng Paglutas ay pagkatapos ng aralin. Kung ang mga bata ay nakaupo ng matagal, gumawa din ng isang aktibidad bago ang Bahagi ng Paglutas. Kapag handa na, paalalahanan ang mga bata ng Kailangan na Kuwento pagkatapos ay humingi ng resolusyon sa iyong mga aktor o ipahayag lamang ito. Malulutas nito ang pag-igting ng parte ng Kailangang kuwento at tulungan ang mga bata na malutas ang mga problema na kinakaharap nila sa paaralan at sa bahay. Sa ganitong paraan, magaganyak mo ang mga bata na ilapat ang mga aralin sa kanilang pang-araw-araw na buhay!






## PANGUNAHING ARAL

Ang syllabus na ito ay pangkalahatang pag-aaral ng Lumang Tipan. Sa maraming aralin, titingnan natin ang buong buhay ng isang tao, o bayani, sa Biblia. Bilang guro, magagamit mo ito bilang isang pag-aaral para sa iyong sarili at basahin ang mga sipi ng Kasulatan na nakalista sa lalong madaling panahon at makakuha ng mga sariwang pananaw. Ang isang buod ng buhay ng bawat bayani ay kasama sa pangunahing aralin. Huwag mag-atubiling magtanong sa mga bata kung natatandaan nila ang higit pang mga detalye sa buhay ng Bayani upang mapanatili silang interesado.

Mangyaring panatilihing maikli ang parte ng kuwento, para mayroon kang oras para ipaliwanag ang pangunahing punto: ang aplikasyon. Sa dulo ng bawat aralin ay isang desisyon para sa mga bata na gumawa. Ang desisyon na ito ay ang pangunahing punto ng buong aralin, tulad ng layunin sa isang laro na soccer (football). Kung lalaruin mo ng mabuti ang laro, ipapasa sa mga kaibigang koponan at pinapanatili ang iba pang pangkat sa pagkuha ng bola, ngunit hindi mo ito sinipa ayon sa layunin, hindi ka mananalo. Tiyakin na iyong nakuha ang pangunahing aplikasyon upang iyong matulungan ang mga bata na gawin ito sa kanilang buhay. Sa Santiago 1:22-24 ating mababasa na, “Huwag lamang makinig sa salita, at sa gayon ay linlangin ang inyong sarili. Gawin kung ano ang sinasabi nito. Ang sinumang nakikinig sa salita ngunit hindi gumagawa ng sinasabi nito ay tulad ng isang tao na tumitingin sa kanyang mukha sa salamin at, matapos na tingnan ang kanyang sarili, lumayo at kaagad niyang nalimutan ang hitsura niya. “Sa 1 sa mga Mga Taga-Corinto 10, aming nabasa na ang mga kuwento sa Lumang Tipan ay mga halimbawa na nagpapakita sa atin kung ano ang gagawin at kung ano ang hindi dapat gawin. Ang pagtingin sa mga dating Bayani ay tulad ng pagtingin sa ating sarili sa salamin na nagbibigay sa atin ng isang pagkakataon upang matuto mula sa kanilang buhay. Ituro natin sa mga bata na sundin ang kanilang mga halimbawa at matuto mula sa kanilang mga pagkakamali at mamuhay para sa Diyos.

## PALATAKDAAN NG ORAS

Sa bawat linggo ang mga bata ay guguhit ng isang linya sa kronolohiya sa kanilang mga libro upang kumatawan sa buhay ng kuwento ng bayani sa Biblia. Halimbawa, sa aralin 1, babakasin nila ang buhay ni Ehud sa linya na minarkahan ng a 1 para sa aralin 1. Gamit ang mga numero na ibinigay sa aralin, ang ideya ay kakalkulahin ng mga bata kung kailan dapat magsimula ang linya at gaano katagal dapat ito. Ang bawat parisukat ay kumakatawan sa 100 taon. Halimbawa, ang buhay ni Ehud ay nagsimula lamang pagkatapos ng 1300 B.C. at nagtapos sa ika-4/5 ng panahon patungong 1200 B.C. Masayang makita ang buhay ng bawat bayani at nakagugulat na mga detalye, tulad ng katunayan na ang mga hukom na sina Deborah at Gideon ay nabuhay nang magkasabay, pagkatapos ay sina Jephthah, Samson at Samuel ay nabuhay nang sabay-sabay.







## **PAGSUSULIT**

Ang isa pang kasangkapan upang matulungan kang turuan ang mga bata na ilagay ang mga aralin sa pagsasanay ay ang takdang-aralin sa bawat linggo. Ang bawat aralin ay may aktibidad na maaaring gawin ng mga bata sa kalagitnaan ng linggo.

Sa Juan 14:23, sinabi ni Jesus. *“Ang sinumang umiibig sa akin ay susunod sa aking turo. libigin sila ng aking Ama, at pupunta kami sa kanila at gagawa ng tahanan kasama nila.”*


Sa mga atas na ito, maaaring dalhin ng mga bata ang Diyos sa kanilang buhay sa kalagitnaan ng linggo, hindi lamang sa simbahan. Para sa mas matatandang mag-aaral ay mayroon ding pagtatalaga ng pagbabasa sa Biblia. Maglaan ng ilang minuto sa klase upang talakayin ang takdang-aralin at bigyan sila ng pagkakataon na magsanay sa klase. Gantimpalaan ang mga nagtapos ng pagtatalaga noong nakaraang linggo na maliit na kendi o premyo.

## **PAGDALO / LARO NG MGA BAYANI**

Ang materyal na ito ay may hanay ng mga kard upang gantimpalaan ang mga bata para sa kanilang pagdalo sa bawat linggo. Ang mga ito ay maaaring maging kard ng pagdalo o mga sticker. Gayunpaman, maaari rin itong maging isang laro! Sa dulo ng pangkat (13 na mga aralin, o 3 na mga buwan), maaaring maglaro ang mga bata ng laro gamit ang mga kard na ito. Basahin ang tagubilin ng laro para sa karagdagang impormasyon.

### **Alternatibong laro:**

Ipasulat sa mga bata ang numero 1-10 sa isang piraso ng papel. Pagkatapos ay itatanong ng guro ang anumang 10 ng mga ibinigay na tanong mula sa mga tagubilin ng laro. Huwag sabihin ang katangian sa panaklong. Para sa bawat tanong, isusulat ng mga estudyante kung aling kalidad o katangian ang kailangan sa sitwasyong iyon: Lakas, Integridad, Pagsunod, Kapakumbabaan, Puso o Pananampalataya. Sinumang nahulaan ang pinakatama ay panalo ng isang maliit na kendi o premyo





# 1.SINASAGOT NG DIYOS ANG MGA PANALANGIN



**Kuwento sa Biblia: Ehud**  
Mga Hukom 3:12-30

## **KAKABISADUHING TALATA 1**

“Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios.” Mga Taga-Filipos 4:6


## **KAILANGANG KUWENTO 1**

Hindi mabuti ang pakiramdam ni Buzz ng halos isang taon, dahil bagaman nilaban niya ang kanyang sarili, hindi niya mapigilang manood ng mga palabas sa TV na nagpapakita ng mga bagay na hindi niya dapat makita, at alam niya ito. Lagi niyang sinabi "Hindi ko na papanoorin iyon dahil hindi iyon tama. Hindi ito nakalulugod sa Diyos", at araw-araw bago niya pa mamalayan, ay nakaupo na siya doon tulad ng isang alipin sa telebisyon, hanggang isang araw naintindihan niya na hindi niya ito malalabanan ng mag-isa. Nagsimula siyang manalangin nang taimtim.



## **PANGUNAHING ARAL 1**

Maligayang pagbabalik sa Mga Bayani ng Pananampalataya ng paaralan tuwing Linggo! Tinitingnan natin ang mahahalagang tao ng Lumang Tipan at tinitingnan kung paano sila nakipag-ugnayan sa Diyos at kung paano nangialam ang Diyos sa kanilang buhay. Habang nakikita natin ang lahat ng bagay na ito, maaari din tayong mahikayat sa sarili nating buhay. Ngayon titingin natin sa isang kakaibang kuwento sa Biblia. Matapos kunin ng mga Israelita ang Lupang Pangako sa ilalim ni Josue, gumawa sila ng mga tahanan at nagtanim at nanirahan sa lupain nang mahabang panahon. Sa panahong iyon, nalimutan ng mga tao ang tungkol sa Diyos at sumamba sa iba pang bagay na hindi totoong Diyos! Kayo at ako ay makasalanan din, at kahit pa ginagawa natin ang ating makakaya, madalas nating ginagawa ang mali. Upang disiplinahin sila, nagdala ang Diyos ng kalapit bayan, ang mga Moabita upang sakupin ang Israel at pahirapan sila sa loob ng 18 taon! Ito ay mahabang oras. Minsan ay inaabot tayo ng mahabang panahon upang makilala natin ang disiplina ng Diyos sa ating buhay. Kapag tinatanggap natin si Hesukristo, pumapasok tayo sa pamilya ng Diyos at nagiging anak ng Diyos, at walang anumang makapagbabago dito. Tulad ng sinumang mabuting ama, didisiplinahin tayo ng Diyos at tuturuan tayo kung paano susunod sa Kanya. Mayroon ding mga kahihinatnan sa bawat desisyon na ginagawa natin sa ating buhay. Nang malaman ng mga Israelita na sila ay may problema dahil sa kanilang sariling aksyon, nanalangin sila sa Diyos upang iligtas sila. Maaari rin tayong humingi ng tulong sa Diyos sa mahihirap na sitwasyon. Pagkatapos ay kailangan nating magtiwala na tutulungan tayo ng Diyos ngunit hindi palaging sa paraan na ating inaasahan. Mahil ay umaasa ang mga Israelita na magbibigay ang Diyos ng ilang mandirigma na titipunin ang mga Israelita at bubuo ng isang malaking hukbo upang salakayin ang bansa na nagpapahirap sa kanila. Hindi iyon ginawa ng Diyos. Sa halip ay nagpadala siya ng isang kaliwete na nagngangalang Ehud na nagpanggap na may lihim na mensahe para sa hari ng Moab at pagkatapos ay pinatay siya sa kanyang sariling palasyo! Pagkatapos nito, tinawag niya ang mga Israelita, ngunit sa halip na bumuo ng isang hukbo at umatake, naghintay lamang sila sa tabi ng ilog at pinatay ang sinumang Moabita na dumaaan. Tulad ng pagliligtas ng Diyos sa Israel gamit ang isang tao na nagngangalang Ehud sa isang di-inaasahang paraan, iniligtas ng Diyos ang buong mundo gamit ang Kanyang anak na si Hesus sa di-inaasahang





paraan. Umasa ang mga Israelita ng isang hari na darating at magliligtas sa kanila, ngunit si Hesus ay dumating ng malumanay at namatay para sa atin pagkatapos ay bumangong muli upang sinuman na maniwala sa Kanya ay maaaring maligtas. Sa susunod na mayroon kang problema o nasa isang mahirap na sitwasyon, tulad ng ating kaibigang si Buzz ngayon sa telebisyon, tandaan na sumasagot ang Diyos sa panalangin. Humingi ng tulong sa Diyos at panoorin ang hindi inaasahang paraan na pagtulong Niya sa iyo.

Sa mahihirap na panahon, mananalangin ako at hihingi ng tulong sa Diyos!

### **PAGLUTAS 1**


Isang araw pagkatapos magdasal, bagong kapitbahay ang dumating upang tumira sa tabi ng kanilang bahay, agad silang naging magkaibigan at palaging lumalabas upang makipaglaro sa kanila araw-araw tuwing hapon. Napakasaya nito. Pagkalipas ng isang linggo napagtanto niya na sa halip na manood sa TV, lagi siyang nakikipaglalaro at wala ng oras upang manood sa TV. Pagkatapos ay pinasalamatan niya ang Diyos na nakaramdam siya ng kalayaan at hindi na kailangang manood sa telebisyon.



### **AKTIBIDAD 1**

#### **Bulag na Inahin**

Para sa aktibidad na ito, pumili ng isang batang lalaki o babae na magpipiring. Ang iba pang mga bata ay lilikha ng isang bilog, at ang nakapiring na bata ay ilalagay sa gitna. Walang manlalaro ang maaaring umalis sa lugar ng laro. Ang bata na nakapiring ay dapat subukang hawakan ang isang bata, at sa paghawak, ay hulaan kung sino siya. Maaari mong hatiin ang mga lalaki at babae, upang maglaro sila nang hiwalay.



### **KRONOLOHIYA 1**

Gamit ang impormasyon mula sa mga tanong na ito, maguguhit ng mga bata ang kronolohiya para kay Ehud.

Kailan nagsimulang pamunuan ni Ehud ang Israel? A. Hindi namin alam ang eksaktong panahon, ngunit iniisip namin na nagsimula siya sa taong 1297 B.C.

Ilang taon pinamunuan ni Ehud ang Israel? A. 80 taon.







## SAGOT SA PALAISIPAN 1



K	P	A	G	S	O	N	U	D	D	I	Y	S
N	A	N	T	A	N	I	H	A	N	I	K	O
D	G	A	L	A	W	I	T	J	E	A	L	T
I	S	L	G	B	P	L	I	D	S	H	A	E
Y	U	L	N	M	G	A	N	A	A	D	U	H
O	N	D	O	A	N	I	L	P	I	S	I	D
S	O	I	L	S	T	A	G	A	O	J	A	O
J	D	Y	U	G	N	T	I	J	W	A	L	L
M	G	A	T	A	G	A	M	O	A	B	I	O
K	A	S	N	P	L	G	U	S	O	T	G	D
K	I	N	A	S	A	T	G	I	L	I	N	I

## MGA TANONG AT SAGOT 1

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Kung may iniutos sa akin ang Diyos na isang bagay na matapang tulad ng kay Ehud, paano kung natatakot ako? Ayos lang ba matakot? (Ang pagiging malakas ang loob ay hindi kakulangan ng takot kundi ang kakayahang sumulong kahit na may takot.)
2. Anong mga kaparusahan ang natanggap mo na kasalanan mo? (Hikayatin ang mga estudyante na talakayin ang iba't ibang parusa at kung kasalanan natin ito at kung hindi.)
3. Mabuti ba ang mga digmaan? (Pag-usapan ang pagkakaiba sa pagitan ng pagpatay ng isang tao laban sa pagiging nasa digmaan at pagpatay ng tao. Hayaan silang ibahagi ang kanilang iba't ibang ideya tungkol sa mga digmaan sa mundo, at huwag kalimutang banggitin ang ilang digmaang nangyayari sa kasalukuyan.)





## UNANG LARO

### Pagtawag sa Diyos

Paghiwalayin ang mga batang babae sa mga batang lalaki upang maglaro nang magkahiwalay. Ang mga bata ay pipila ng isang linya at maghahawak ng mga kamay. Pagkatapos ay padaanin sa itaas o sa ilalim ang dalawang dulo ng mga bata sa magkakahawak na mga kamay at ulitin ito hanggang sa sobrang magkabuhol na sila. Kapag tapos na ito, magsisimula silang tumawag sa Diyos, at sisigaw nang "Panginoon tulungan Mo kami!" Pagkatapos ay isang miyembro ng pangkat ang darating at tutulungang alisin ang mga buhol ng linya.



## PAGDALO 1

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

### Panalangin

## TAKDANG ARALIN 1

### Takdang aralin

Ang takdang-aralin para sa linggong ito ay magdasal sa iyong silid-aralan (paarala) para sa ilang hindi magandang sitwasyon na iyong pinagdadaanan, tulad ng sa kaklase o maging sa guro. Huwag isasara ang iyong mga mata, o magsasalita ng anumang malakas sapagkat naririnig ng Diyos ang iyong iniisip at ang iyong puso. Magdasal ng bagay na praktikal at tiyak upang Makita mo ang sagot ng Diyos.

### Basahin


Unang Araw: Mga Hukom 4:1-5

Ikalawang Araw: 4:6-10

Ikatlong Araw: 4:11-14

Ikaapat na Araw: 4:15-20

Ikalimang Araw: 4:21-24





## 2. ANG DIYOS AY MAKATARUNGAN



**Kuwento sa Biblia: Debora**  
Mga Hukom 4:1-24, 2:24-27

### ☀️ **KAKABISADUHING TALATA 2**

“At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod sa kaniya; sapagka't ang lumalapit sa Dios ay dapat sumampalatayang may Dios, at siya ang tagapagbigay ganti sa mga sa kaniya'y nagsisihanap.” Mga Hebreo 11:6

### ☀️ **KAILANGANG KUWENTO 2**

Isang araw sa simbahan ni Comet, ang guro ng paaralan tuwing Linggo ay hindi makapasok sapagkat siya ay may sakit. Kinausap niya Comet at hiniling sa kanya na alagaan ang mga bata sa araw na iyon. Dapat niyang tiyakin na hindi sila aalis sa klase, at manonood lamang ng isang pelikula sa Biblia. Medyo nag-atubili si Comet na tanggapin ito. Inisip niya: "Mas mabuti para sa akin na manatili dito sa klase, na nakikinig lang". Nang makita ng guro na hindi siya sumagot, sinabi niya: "pakiusap". Tinanggap ito ng Comet, ngunit hiniling niya na may iba pa sa kanyang klase ang magiging responsable at siya ay tutulong.



### ☀️ **PANGUNAHING ARAL 2**

Maligayang pagbalik sa Mga Bayani ng Pananampalataya! Nang nakaraan, natutunan natin kung paano iniligtas ng Diyos ang Israel sa di inaasahang paraan gamit ang isang lalaking nagngangalang Ehud. Sa oras na ito, makikita natin na ang Diyos ay makatarungan. Nagkasalang muli ang mga Israelita, at si Haring Jabin ng Canaan ay pinahirapan sila kasama ni Sisera na pinuno ng kanyang hukbo. Noong panahong iyon ay isang propetang nagngangalang Deborah na tumulong na pangunahan ang mga tao ng Israel sa ilalim ng puno ng palma. Isang propeta na nagsasalita ng mga salita ng Diyos, at sa pamamagitan ni Deborah tinawag ng Diyos ang isang lalaki na nagngangalang Barak upang tipunin ang mga Israelita at salakayin ang hukbo ni Sisera. Noong nakaraang linggo natutunan nating humingi ng tulong sa Diyos kapag may problema tayo. Minsan, ibang tao ang nangangailangan ng tulong at tinatawag tayo ng Diyos upang tulungan sila, tulad ni Comet sa kuwento ngayon. Kapag tinawag ka ng Diyos, ano ang iyong magiging tugon? Sinabi ni Barak kay Deborah na lalaban lamang siya kapag sumama siya sa kaniya. Kapag natatakot tayo, natutukso tayong magtiwala sa mga taong nakikita natin sa halip na magtiwala sa Diyos na hindi natin nakikita. Maaari nating makalimutan kung gaano kalaki ang Diyos. Napakalaki ng Diyos na nilikha Niya ang buong sansinukob! Nilikha niya ang mga bituin na napakalaki ni hindi mo maisip ang mga ito at sa sobrang layo hindi mo sila makita. Ginawa niya ang malalaking karagatan, ang malalaking himpapawid, nilikha ang mga ulap upang lumutang, ginawa ang lahat ng malalaking bundok. Siya ang nagpapatakbo sa buong mundo, Siya ang namamahala sa lahat ng bansa, isinusulat Niya ang lahat ng kasaysayan, at alam Niya ang bawat maliit na bagay tungkol sa hinaharap. Tumingin ka sa kalangitan o isipin ang kalangitan at isipin kung gaano Siya kalaki. Kapag tinawag ka Niya, maaari kang magtiwala sa Kanya na kasama mo Siya at tutulungan kang gawin ang anumang bagay na hinihiling Niyang gawin mo. Sa tuwing iniisip mo na nakakatakot ang gagawin mo,







isipin mo ang kalangitan, mga bituin, at mga bundok at tandaan na ang Diyos ay mas malaki kaysa sa bagay na nakakatakot sa iyo. Dahil hindi nagtiwala si Barak sa Diyos ngunit pinagkatiwalaan niya si Deborah, pinahintulutan ng Diyos ang ibang babae na makuha ang kaluwalhatian sa pagpatay kay Sisera. Si Barak at ang mga Israelita ay nanalo sa labanan dahil ang Diyos ay kasama nila. Si Sisera ay tumakas at nagtago sa tolda ng babae na pinagkatiwalaan niya at nakatulog ng pagod. Habang siya ay natutulog, pinatay niya siya, at nang umawit ang mga Israelita ng kanta tungkol sa tagumpay, kumanta sila ng kanta tungkol sa babae na pumatay sa kanya sa halip na kumanta tungkol kay Barak. Ang Diyos ay makatarungan, at sinabi ni Hesus na gagantimpalaan Niya tayo ayon sa lahat ng ating ginawa. Maaari tayong makakuha ng gantimpala sa lupa, at ilan sa langit. Sa alinmang paraan, makatitayk tayo na gagantimpalaan tayo ng Diyos dahil sa pagiging matapang para sa Kanya.

Kinikilala ko na ang Diyos ay makatarungan at gagantimpalaan ako ayon sa lahat ng ginawa ko sa buhay na ito.

## **PAGLITAS 2**

Ang pastor ng iglesya ay naghanda ng maliit na gantimpala para kay Comet. Bibigyan niya ito ng maliit na pera para sa pagtulong. Nang malaman ng pastor na dalawang tao ang nag-asikaso sa klase, kailangan niyang hatiin ang pera sa dalawa. Matapos ang lahat ng bagay, napagtanto ni Comet na hindi talaga niya kailangan ng tulong.




## **AKTIBIDAD 2**

### **Korte ng Hustisya**

Ang mga bata ay uupo ng pabilog; ang guro ay lilikha ng isang sitwasyon bilang halimbawa (Isang tatay ang bumili ng ilang skate para sa kanyang mga anak, na may kondisyon na dapat silang maghiraman. Ang batang babae ay nagpasiya na itago ang mga ito mula sa kanyang kapatid na lalaki upang hindi niya magamit ito dahil ang kanyang mga paa ay mabaho. Makatarungan ba ito o hindi?) Ang bata na nakaupo sa iyong kanan ay gaganap bilang Hukom at dapat mag-isip nang malakas kung ang sitwasyon ay tila makatarungan o hindi. Ngunit bago iyon, ang iba pang mga bata ay maglilingkod bilang mga hurado.

Una, ang mga naniniwala na ang sitwasyon ay patas ay itataas ang kanilang mga kamay, at ang boto ay bibilangin. Pagkatapos ang mga bata na naniniwala na ang sitwasyon ay hindi makatarungan ay itaas ang kanilang mga kamay, at ang boto ay bibilangin muli. Ang Hukom, pagkatapos ng isang minuto, ay gagawa ng panghuling desisyon sa pagpapahayag ng malakas at malinaw: **MAKATARUNGAN** o **HINDI MAKATARUNGAN**. Pagkatapos ay isa pang bata ang magiging hukom, upang sila naman ang magkasya magpasya kung ano ang makatarungan.



## **KRONOLOHIYA 2**

Sino ang namuno sa Israel pagkatapos ni Ehud? A. Deborah.  
Ilang taon namuno si Deborah? A. 40 taon.






## SAGOT SA PALAISIPAN 2



M	A	K	A	T	P	A	R	U	N	O	G	U	T
G	L	G	T	G	A	N	T	I	M	P	A	L	I
B	A	B	A	E	N	G	P	R	O	P	E	T	A
A	P	R	P	A	I	I	A	L	Y	A	N	B	D
T	M	N	A	G	N	U	R	A	T	A	K	A	M
O	J	U	T	T	I	D	O	S	I	S	E	Y	G
S	T	W	O	Y	I	O	B	R	O	P	T	A	A
U	N	K	A	Y	L	L	E	A	R	S	I	N	D
G	A	N	O	L	B	A	D	A	R	E	S	I	S
T	G	S	P	B	A	R	A	K	D	I	Y	S	O



## MGA TANONG AT SAGOT 2

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Anong mga bagay ang ginagawa natin araw-araw na nakikita ng Diyos? Gagantimpalaan ba niya tayo? (Guro, magandang ideya na magpanggap na hindi ka naniniwala na nakikita ng Diyos ang lahat at pag-usapan ang lahat ng bagay upang malaman ang kanilang mga opinyon. Halimbawa, kapag nanonood ako ng TV, hindi niya Ako nakikita, atbp. Sa huli, magpasiya na nakikita ng Diyos ang lahat. Bubuksan ng pagsasanay na ito ang mga mata ng iyong mga estudyante.)
2. Gusto ko lamang manood ng TV. Okay lang ba iyon? Bakit hindi? (Ang ilang bagay ay hindi moral na masama, ngunit pag-aaksaya lamang ng oras. Kailangan nating lahat na magpahinga araw-araw Ngunit subukang kausapin ang iyong mga estudyante tungkol sa kung ilang oras ang ginugugol nila sa paglalaro ng video game o panonood ng TV, upang maunawaan nila na sila ay nag-aaksaya maraming oras. Kung binibigyan tayo ng gantimpalaya ng Diyos para sa lahat, hindi ba magandang ideya na gumawa ng mas maraming magagandang bagay?)
3. Ano ang itsura ng langit? (Bawat isa sa atin ay mayroong iba't ibang sagot tungkol sa langit. Kung minsan sinasabi ng mundo sa atin na ang langit ay nakakainip, kung saan tayo ay lumulutang sa ulap na walang ginagawa. Ngunit ang Diyos na lumikha sa mundong ito ay lilikha ng bagong langit at bagong lupa na bersyon 2.0 sa lahat ng mabubuti at walang masasama. Sinasabi ng Biblia na mas MAGANDA ito kaysa sa maiisip natin. Maglaan ng ilang oras upang isipin ang pinakamahusay sa pinakamahusay sa iyong mga estudyante at mag-isip ng NAPAKALAKING gantimpala. Tanungin sila,






ano ang gagawin nila upang manalo ng isang bagong tablet o pinakamagandang mobile device? Magkakaroon ba ng magandang gantimpala ang Diyos tulad nito sa langit?)

## UNANG LARO 2


### Bulag na Pagguhit

Hatiin ang mga kalahok sa tig-dalawa. Hilingin sa kanila na umupo ng talikuran. Bigyan ang isang bata sa bawat pares ng isang panulat at papel at bigyan ang isa pang bata ng isang larawan. Ang bata na may larawan ay ilalarawan ang larawan sa kanilang kapareha ng hindi sinasabi kung ano ito. Halimbawa, kung ang larawan ay isang uod sa mansanas, hindi mo maaaring sabihin na: "Gumuhit ng mansanas na may uod dito". Maaari mong sabihin na, "Gumuhit ng kurba sa kaliwang bahagi". Ang taong may panulat at papel ay iguguhit kung ano ang iniisip nilang kumakatawan sa larawan ayon sa paglalarawan sa salita. Magtakda ng oras ng limitasyon na mga 10 o 15 minuto.



## PAGDALO 2

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay: **Debora**



## TAKDANG ARALIN 2

### Takdang aralin

Ang takdang-aralin para sa linggong ito ay pumili ng aktibidad tulad ng pag-usapan ang tungkol kay Hesukristo, ang humikayat ng ibang tao, o pagtulong sa iyong mga magulang sa bahay, kung saan kukuhaing mo ang responsibilidad na gawin ito araw-araw. Maaaring ito ay sa tahanan o paaralan. Bilang karagdagan, maaari kang magboluntaryo sa ilang tungkulin sa pagsisilbi sa simbahan. Kung tila nakakatakot ito, tumingin sa mga bituin o ulap at isipin kung gaano kalaki ang ating Diyos na lumikha sa mga ito.

### Basahin

Unang Araw: Mga Hukom 6:1-13

Ikalawang Araw: 6:14-26

Ikatlong Araw: 6:27-40

Ikaapat na Araw: 7:1-15

Ikalimang Araw: 7:16-25





### 3. PINAPATUNAYAN NG DIYOS ANG KANYANG SALITA



**Kuwento sa Biblia: Gideon**

Mga Hukom 6:1-7:25

#### **KAKABISADUHING TALATA 3**

“Nguni't silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila'y pailanglang na may mga pakpak na parang mga aguila; sila'y magsisitakbo, at hindi mangapapagod; sila'y magsisilakad, at hindi manganghihina.” Isaias 40:31

#### **KAILANGANG KUWENTO 3**

Ang kapatid ng Buzz ay isang kabataan. Isang araw siya ay nananalangin at nagbabasa ng Biblia, sinabi sa kanya ng Diyos ...

na gagamitin siya ng Diyos upang maglingkod sa banda ng pagsamba sa kanyang simbahan! Nagulat siya sapagkat hindi niya alam kung paano magtugtog ng anumang instrumento, kaya naiwan siya ng may pagdududa, at naisip niya na mali siya.

Pagkatapos ay nanalangin siya sa Diyos at nagtanong kung ito ang gusto Niya ...



#### **PANGUNAHING ARALIN 3**

Noong nakaraang linggo, nakita natin kung paano pinagkatiwalaan ni Barak ang tao nang higit pa sa Diyos. Sa linggong ito pag-aaralan natin ang tungkol sa isang lalaking nagngangalang Gideon. Muli, ang mga Israelita ay nagkasala, at pinahirapan sila ng labis ng mga Midian na wala silang pagkain o hayop. Kailangan nilang gumawa ng pagkain ng lihim. Ang bawat tao'y nagkukunwaring kumakain nang lihim. Isang araw isang anghel ang dumating at nakipag-usap kay Gideon, na nagsasabing ililigtas ng Diyos ang Israel gamit siya. Sinabi niya kay Gideon na gamitin ang lakas na mayroon siya. Itinanong ni Gideon kung paano iyon posible dahil pakiramdam niya ay napakaliit niya. Naisip mo na ba na, "Isa akong maliit na bata! Ano ang maaari kong gawin?" Subalit maaaring kunin ng Diyos ang kaunting lakas mo at tulungan kang gumawa ng malaking bagay. Napakalakas ng Diyos na hindi Niya kailangan ng tulong ng isang malakas na tao. Ginawa ni Gideon ang isang bagay na maaari nating gawin: humingi siya ng kumpirmasyon, tulad ng ginawa ni Buzz sa kuwento ngayon. Mas gusto ng Diyos na humingi tayo ng kumpirmasyon sa Kanyang salita at sundin ito. Ang nakalulungkot sa Diyos ay pagsuway at kawalan ng pananampalataya. Nang malaman ni Gideon na isang anghel ang nagsasalita sa kanya, natakot siya. Sinabi ng Diyos sa kanya, "Kapayapaan! Huwag kang matakot." Sinabi ni Hesus na binibigyan Niya tayo ng Kanyang kapayapaan at palagi Niya tayong kasama at nagsasabi sa atin nang paulit-ulit na huwag matakot. Kapag mayroon tayong kapayapaan, kapag alam natin na ang Diyos ay kasama natin, at kapag pinagtibay Niya ang Kanyang salita, inilalagay natin ang ating pananampalataya sa pagkilos at pagsunod sa Kanya. Giniba ni Gideon ang mga altar sa mga huwad na diyos sa kanyang bayan at nagtayo ng altar sa tunay na Diyos. Pagkatapos ay sinabi sa kanya ng Diyos na tipunin ang Israel upang labanan ang MALAKING hukbo ng Midian. Muli, humingi si Gideon ng kumpirmasyon, na humihiling ng isang bagay na imposible. Naglagay siya ng isang piraso ng balahibo sa lupa. Pagdating ng umaga ito ay basang basa ngunit ang lupa sa paligid nito ay tuyo. Sa ikalawang araw, ang balahibo ay tuyo ngunit ang lupa sa paligid nito ay basa. Nangalap si Gideon ng 32,000 Israelita, ngunit hindi interesado ang Diyos sa ating lakas; maliligtas Niya tayo gamit ang napakaliit na lakas. Sinabi niya kay Gideon na pauwiin ang mga tao





hanggang sa 300 tao na lamang ang natira! Isara mo ang iyong mga mata at isipin ang 300 tao laban sa isang malawak na hukbo. Napatunayan na muli ng Diyos ang Kanyang salita. Sinabi niya kay Gideon na lumabas sa gilid ng kampo ng kaaway, kung saan nakarinig siya ng isang tao sa tolda na nagsasalita tungkol sa isang panaginip kung saan natalo sila ni Gideon. Kapag nakita mo na ang Diyos ay kasama mo, gawin mo kung ano ang ginawa ni Gideon at sumamba ka sa Diyos. Binigyan ni Gideon ang 300 lalaki ng lampara, garapon, at trumpeta. Sa kalagitnaan ng gabi, pinalibutan nila ang hukbo. At pagdaka'y binasag nila ang mga garapon upang lumiwanag ang mga lampara at hinipan ang mga trumpeta at sumigaw. Ang malaking hukbo ng kaaway ay tumakas nang takot! Nanalo ang Israel sa labanan, sapagkat ang Diyos ay kasama nila. Kapag tinawag ka ng Diyos, tandaan kung gaano kalakas ang Diyos. Humingi sa Kanya ng kumpirmasyon, pagkatapos ay gawin mo kung ano ang hiniling Niya sa iyo.

Maaari kong hilingin sa Diyos na kumpirmahin ang Kanyang salita sa akin. Susundin ko ang Diyos.

### **PAGPAPASIYA 3**

Pagkalipas ng ilang buwan sa simbahan, ang pastor ay nakipag-usap sa kanya sa ngalan ng Diyos na nagsasabi sa kanya ng bagay na sinabi na sa kanya dati. Dito niya nakita ang kumpirmasyon ng salita ng Diyos at nagsimulang ihanda ang kanyang sarili sa musika.



### **AKTIBIDAD 3**

#### **Diary**

- Gumawa ng talaarawan o librito gamit ang mga piraso ng papel.
- Sabihin sa kanila na bawat araw ay itatala nila dito ang patotoo na nagpapatunay na mayroong Diyos. Maaaring isa itong bagay na nangyari sa kanila o isang bagay na nakita nila na nagpapatunay na mayroong Diyos.



### **KRONOLOHIYA 3**

Anong taon ipinanganak si Gideon? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay ipinanganak noong 1252 B.C.

Kailan namatay si Gideon? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay namatay noong 1152 B.C.






### SAGOT SA PALAISIPAN 3



N	Y	A	N	U	T	A	P	A	P	G	A	P
A	B	A	E	A	Q	U	C	N	A	Z	T	A
M	D	A	L	T	A	R	E	L	N	D	I	G
U	O	N	O	E	D	I	G	W	D	E	N	S
T	N	A	A	P	A	Y	A	P	A	K	A	A
U	U	T	T	M	N	L	N	S	R	A	I	M
G	S	U	R	U	I	A	G	U	A	S	D	B
A	G	Y	U	R	H	W	H	N	Y	A	A	A
K	A	O	M	T	A	S	E	B	A	B	M	Y
C	P	A	G	P	M	A	L	A	K	A	S	O



### MGA TANONG AT SAGOT 3

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Paano kung sinabi sa akin ng Diyos na HINDI? (Nangyayari ito sa ating lahat kapag may isang bagay na GUSTONG-GUSTO natin, kaya kapag sa palagay natin ay HINDI, humihingi tayo sa Diyos ng kumpirmasyon ng ilang beses. Ang Diyos ay matiyaga sa atin, ngunit dapat nating tanggapin ang katotohanan na ang sagot ay HINDI at sundin siya.)
2. Nagagalit ba ang Diyos sa akin? Bakit? (Ano ang mga kaso kung saan ang Diyos ay maaaring magalit? Kapag tayo ay sumuway at nagsisinungaling upang itago ito, kung nagdududa tayo na gumawa ng ibang bagay, o labis na magreklamo na hindi natin ito magagawa. Hindi nagagalit ang Diyos kapag tayo ay natatakot at hilingin sa Diyos na kumpirmahin ang Kanyang salita.)
3. Gusto ba talagang makipag-usap sa akin ng Diyos? (Talakayin ang paksa: kung ano ang sasabihin ng Diyos, sino ang gusto Niyang maka-usap kapag nagsasalita Siya, at iba pa. Tapusin na nagsasalita siya sa ating lahat, buong araw, at tungkol sa anumang bagay.)








### UNANG LARO 3

#### Hulaan Kung Sino

Bumuo ng dalawang grupo. Sa isang grupo ang bawat bata ay kumakatawan sa isang karakter mula sa mga nakaraang aralin, na itinalaga nang palihim ng guro. Susubukan ng isa pang grupo na hulaan kung sino ang kinakatawan nila. Maaari silang magtanong ng partikular na tanong tungkol sa mga karakter at ang isa na nagbibigay ng sagot ay dapat na sumagot lamang ng oo o hindi. Walang sinuman ang maaaring magsinungaling. Halimbawa: Kung ang karakter ay si Moises at ang tanong ay "Gumawa ba kayo ng arka?" Ang sagot ay, hindi. "Ano ang iyong pangalan?" O anumang naturang direktang tanong ay hindi pinahihintulutan. Ang pangkat na nagtatanong ay maaaring hulaan kung sino ang karakter kapag sila ay sigurado na sa kanilang hula. Kapag natapos na, ayusin ang tungkulin ng mga koponan, pagpalitin ito, at maglarong muli.



### PAGDALO 3

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

#### Gideon



### TAKDANG ARALIN 3

#### Takdang aralin

Ang takdang-aralin ay upang humanap ng isang bagay sa linggong ito na nagpapatunay na mayroong Diyos, para sa isang bagay na nangyayari o isang bagay na nakikita mo sa iyong buhay o sa buhay ng ibang tao. Isulat ang tungkol dito o gumuhit ng litrato sa isang kuwaderno sa bahay, pagkatapos ay sabihin sa iyong guro ang tungkol dito sa simbahan.

#### Basahin

- Unang Araw: Mga Hukom 10:6-14
- Ikalawang Araw: 10:15-11:3
- Ikatlong Araw: 11:4-13
- Ikaapat na Araw: 11:28-34
- Ikalimang Araw: 11:35-40





# 4. PINAPAHALAGAHAN KA NG DIYOS



**Kuwento sa Biblia: Jephte**  
Mga Hukom 10:6-11:13, 11:29-40

## ☀️ KAKABISADUHING TALATA 4

"Narito ang Dios ay makapangyarihan, at hindi humahamak sa kanino man; siya'y makapangyarihan sa lakas ng unawa." Job 36:5

## ☀️ KAILANGANG KUWENTO 4

Hindi mabuti ang pakiramdam ni Taffy araw-araw sa paaralan. Lahat sa paaralan ay tinutukso siya dahil sa kanyang pamilya o dahil sa siya ay isang Kristiyano. Lagi siyang mag-isang nakaupo at nagtatanghalian. Hindi siya magaling sa paglalaro ng bola, kaya sa klase sa gym kapag ang ibang bata ay pinili para sa koponan, siya ang palaging huling pinipili. Sinasabi niya sa mga bata kung gaano sila kagaling sa paglalaro ng bola, ngunit tatawanan lamang nila siya at sasabihin na hindi siya magaling sa paglalaro. Kadalasan, binabalewala lamang nila siya. Isang linggo ay napakasama ng pakiramdam niya at hindi siya nakapasok sa paaralan. Ngunit nang bumuti na siya, natakot siyang bumalik sa eskuwelahan para lamang matuksong muli araw-araw. Nanalangin siya, "Ama, tulungan mo ako!"



## ☀️ PANGUNAHING ARALIN 4

Maligayang pagbabalik sa Mga Bayani ng Pananampalataya! Ngayon ay matututunan natin kung ano ang pinahalalagahan ng Diyos. Mag-isip ng ilang sandali ang iba't ibang bagay na pinapahalagahan ng mga tao, ang iba't ibang bagay na nagpapakita ng katayuan ng isang tao sa buhay. Anong mga bagay ang sinasabi ng mundo na ginagawang mas mahalaga ang isang tao? (Payagan ang iba't ibang sagot) Sinasabi ng mundo sa atin sa lahat ng oras na magkaroon ng kayamanan, kakayahan (tulad ni Taffy sa kuwento ngayon), talento, pamilyang pinagmulan, kulay ng balat, buhok, damit, maging perpektong ngipin! Pinapahalagahan ng mundo ang mga tao nang magkakaiba ayon sa mga bagay na iyon, na nagbibigay ng higit na katayuan sa ilang tao at mas mababa kaysa sa iba. Ngunit ang mga ito ay hindi ang mga bagay na tinitingnan ng Diyos. Ano sa palagay mo ang tinitingnan ng Diyos? (Pahintulutan ang mga bata na humula, ngunit huwag ibigay ang sagot.) Tingnan natin ang kuwento sa Biblia ngayon.

Muli, nagkasala ang mga Israelita sa pagsamba sa ibang mga diyos maliban sa isang tunay na Diyos. Pagkatapos ay pinahirapan sila ng mga Filisteo at mga Ammonita sa loob ng 18 taon. Hiniling nila sa Diyos na iligtas sila, at inalis nila ang lahat ng mga banyagang diyos sa lupain. Sinagot ng Diyos ang kanilang panalangin at nagpadala ng isang tao upang iligtas sila. Anong uri ng tao ang makapagliligtas sa Israel? Maaaring isipin mo na ang lalaki ay isang mandirigma na may mahusay na katayuan at mahal at respetado ng lahat ng tao... ngunit ang tao na pinili ng Diyos ay isang lalaki na nanggangalang Jephthah, anak ng isang patutot. Inisip ng sanlibutan na hindi siya mahalaga, kinukutya siya, at pinalayas siya ng kanyang mga kapatid dahil sa kung sino ang kanyang ina. Ito ay hindi makatarungan - pinakikitunguhan siya ng hindi maganda dahil sa isang bagay na hindi niya ginawa! Alam din ni Hesuskristo kung ano ang pakiramdam nito. Ang mga pinuno ng Hudyo ay kinutya, inalipusta, at pinatay si Hesus kahit pa wala





Siyang ginawang mali. Ano ang tinitingnan ng Diyos? Sinasabi sa Bibliya na hindi tinitingnan ng Diyos ang panlabas na anyo tulad ng ginagawa ng sanlibutan. Tinitingnan ng Diyos ang puso (1 Samuel 16:7). Sinabi ni Hesus na hindi mabuti na makuha ng isang tao ang buong mundo (katayuan, kayamanan, kahalagahan, atbp.) ngunit nawala ang kanyang kaluluwa. (Mateo 16:26) Ituro ang iyong puso. Ang iyong kaluluwa ay mas mahalaga kaysa sa buong mundo! Nang namatay si Hesus, ginawa Niya ito para sa iyo dahil pinahahalagahan Niya iyan. Walang makamundong katayuan ang maaaring magdagdag o magbawas sa kung gaano kalaki ang pinahahalagahan ng Diyos. Tingnan ang tao sa iyong kanan at sa iyong kaliwa. Ang bawat tao na nakikita mo ay nagkakahalaga ng higit pa kaysa sa buong mundo. Sa kuwento ng Biblia ngayon, binago ng Diyos ang puso ng mga tao. Nang sila ay may problema, pumunta sila kay Jephthah na kanilang pinalayas at humingi sa kanya ng tulong. Pinamunuan niya ang mga tao sa tagumpay at naging pinuno ng Israel sa loob ng 6 na taon.

Alam ko na ang opinyon ng Diyos ang pinakamahalaga. Alam ko na pinahahalagahan ako ng Diyos.

### **PAGPAPASIYA 4**


Nang pumasok si Taffy, nakita niya ang pinakamalaking sorpresa. Ang ibang bata ay masaya na bumalik siya! "Na-miss ka namin!" Sabi nila, "Hindi gaanong masaya kapag wala ka. Nakahihikayat ka sa lahat ng oras". Pagkatapos ay hindi na siya ang huling manlalaro na napipili sa klase sa gym, kahit pa hindi pa rin siya mahusay maglaro.



### **AKTIBIDAD 4**

#### Iguhit ang iyong kamay

Iutos sa mga bata na iguhit ang kanilang mga kamay sa isang A-4 o letter-sized na papel o sa kanilang kuwaderno. Sa bawat daliri ay isusulat o iguguhit nila ang isang bagay na nais nilang ibigay sa kanila ng Diyos, tulad ng regalo o kahilingan para sa ibang tao.



















### **KRONOLOHIYA 4**

Anong taon ipinanganak si Jephthah? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay ipinanganak noong 1118 B.C.

Kailan namatay si Jephthah? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay namatay noong 1094 B.C.

### **SAGOT SA PALAISIPAN 4**

Sa halaga ng aktibidad, tandaan na isinasaalang-alang ng Diyos ang bawat kaluluwa ng tao na higit na mas mahalaga kaysa sa buong mundo (Mateo 16:26), at wala Siyang pagtatangi sa mga tao (Mateo 22:16, Galacia 3:28). Ang sagot ay 10 o pinakamataas na halaga para sa bawat tao.

0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 		0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 	
0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 		0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 	
0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 		0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 	
0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 		0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 	







O	K	U	H	U	P	I	L	I	G	A
M	A	U	O	P	A	G	I	K	N	O
M	G	A	T	A	G	A	A	M	O	N
I	P	K	T	Y	P	T	B	B	L	I
D	A	G	A	L	A	H	I	A	U	T
O	G	A	G	Y	P	I	G	Y	T	S
L	U	Y	U	Y	A	I	N	A	D	I
O	M	A	M	O	K	U	H	N	O	L
K	N	P	P	B	I	B	L	I	A	I
Y	B	O	A	E	T	H	P	E	J	P
K	U	T	Y	P	A	G	I	B	I	G

### MGA TANONG AT SAGOT 4


(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Anong mga kaso ng diskriminasyon ang nakita mo sa iyong klase sa paaralan? (Itaguyod ang talakayan sa mga mag-aaral tungkol sa iba't ibang kaso na kanilang nakita, at kung paanong ang diskriminasyon ay masama at masakit sa taong tumatanggap nito.)
2. Kapag nakakakita ako ng diskriminasyon, bakit dapat akong makialam? (Talakayin ang katotohanan na walang mas masahol pa kaysa sa walang ginagawa at walang sinasabi kung may nangangailangan ng iyong proteksyon.)
3. Bakit hindi nila ako nilulubayan? (Ang mga tao ay mahilig makipagkapwa at kinalaunan ay nagkakaroon tayo ng pagkakamali ng diskriminasyon, sa pagnanais na maging mas kilala kaysa sa iba, at tayo ay nagkakasala. Hindi tayo kailanman lulubayan ng mga tao. Kailangan nating matutong protektahan ang ating sarili at ang iba pa. Maaari tayong maging matatag dahil alam natin kung ano tayo sa Diyos at huwag isipin ang sinasabi ng iba.)

### UNANG LARO 4

**Pagpapahalaga sa isa't isa**

Maghahawak kamay ang mga bata sa isang bilog. Maaari mong paghiwalayin ang mga lalaki at mga babae at paglaruin sila ng magkasabay. Ang isang bata ay nasa labas ng bilog at tatakbo sa paligid. Siya ay pipili ng isang bata mula sa bilog at hahawakan ang kanyang likod at tatakbo siya sa kabaligtarang direksyon upang subukang huwag mawala ang kanyang puwesto. Sinumang mauunang dumating ay makukuha ang puwesto. Sa natalo ang panalo ay dapat na purihin siya nang malakas para sa ilang katangian, halimbawa: Si Manuel ay matalino.





## **PAGDALO 4**

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:  
**Banal Na Kasulatan**

## **TAKDANG ARALIN 4**

**Takdang aralin**

Ang takdang-aralin sa linggong ito ay gumawa ng pagsusuri sa sarili: Paano mo nakikita ang iyong sarili? Mag-ingat na huwag ihambing ang sarili sa iba. Kung sa tingin mo ay mababa ang iyong halaga, tandaan na ginawa ka ng Diyos sa paraang ikaw ay naririyang at pinahahalagahan ka at minamahal ka. Kung nadarama mong mapagmataas ka, tandaan na ang iyong tiwala ay kay Hesus, hindi sa iyong sarili. Sa bawat araw sa linggong ito, sabihin nang malakas, "Nabibilang ako kay Hesus, at pinahahalagahan at minamahal Niya ako."

**Basahin**


Unang Araw: Mga Hukom 13:1-5

Ikalawang Araw: 15:9-16

Ikatlong Araw: 16:4-10

Ikaapat na Araw: 16:15-22

Ikalimang Araw: 16:23-30





## 5. ANG MGA DETALYE



**Kuwento sa Biblia: Samson**  
Mga Hukom 13:1-25, 14:5-6, 15:9-20, 16:2-31

**KAKABISADUHING TALATA 5**  
"Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan." Mga Hebreo 4:16

**KAILANGANG KUWENTO 5**

Nitong umaga bago pumunta sa trabaho ang mga magulang ni Taffy, kinausap nila si Taffy at sinabihan na huwag kalimutan na itabi ang pagkain na nasa kalan sa refrigerator. "Iyon lang ang hihilingin namin na gawin mo at magpakabait ka." Naisip ni Taffy, "Kakaiba na hindi ako inuutusan ng ibang bagay. Pero magagawa ko kung ano ang gusto ko." Umakyat si Taffy upang basahin ang pahayagan at naisip na gawin mamaya ang iniutos sa kanya ng kanyang mga magulang, ngunit sobrang abala siya sa pagbabasa na nakalimutan niya ito.



**PANGUNAHING ARALIN 5**

Maligayang pagbabalik! Ngayon ay matututunan natin ang tungkol sa kakaibang bayani. Isang araw, isang anghel ng Diyos ang pumunta sa mag-asawa na walang anak at sinabi sa kanila na magkakaroon sila ng anak an lalaki. Ito ay magiging Nazarite, na nakalaan sa Diyos kasama ng isang espesyal na pangako. Hindi dapat siya hahawak ng alak, anumang patay na katawan, o puputulin ang kanyang buhok sa buong buhay niya. Ang pangakong Nazarite ay isang lamang larawan ng ating buhay kasama ang Diyos, hindi isang bagay na gagawin natin ngayon sapagkat pinunan na ni Hesus ang batas. Ngunit ang Diyos ay hindi nagbago, at palagi pa rin Siyang tumutuon sa mga detalye. Hangga't tinutupad ni Samson ang pangako, bibigyan siya ng Diyos ng kakaibang lakas. Isang araw, isang leon ang tumalon upang atakihin siya, at hinati niya ang leon gawin ang kanyang mga kamay! Isa pang pagkakataon, ibinigay siya ng mga Israelita sa mga Philistines. Pinutol ni Samson ang bagong tali sa kanyang kamay, humawak ng panga ang pumatay ng 1000 Philistines ng siya lamang! Isa pang pagkakataon, pinalibutan ng mga Philistines ang lungsod. Sinira ni Samson ang mga pasukan ng lungsod at mga bakal sa dingding at dinala ang mga ito sa tuktok ng bundok. Walang magawa ang mga Philistines upang mahigitan ang lakas ni Samson. Sa parehong paraan, mayroong kapangyarihan ng Diyos sa loob natin at sa ating mga kaaway, ang diyablo, ay hindi dapat manalo. Kinalaunan, umibig si Samson sa isang Philistine na babae na nangganggalang Delilah. Niloko siya nito upang sabihin sa kanyang ang sikreto ng kanyang lakas hanggang sa sinabi nito sa kanya ang tungkol sa kanyang buhok. Nang pinutol niya ang kanyang buhok, ang kanyang lakas ay nawala! Hinuli, binulag at ikinulong siya ng mga Philistines. Ang Diyos ay nakatuon sa detalye. Sa ating buhay, maaaring dumalo tayo sa simbahan ngunit hindi magbigay ng atensyon dito. Maaaring isa itong pagsuway tulad ni Taffy sa kuwento ngayon, o maging rebelyon laban sa iyong mga magulang na sinusubukan mong itago. Maaaring isa itong galit sa isang tao. Anuman ito, hindi mo maitatago ang anuman sa Diyos. Kapag nalaman mo kung ano ito, pagsisihan mo ito, at ibabalik sa iyo ng Diyos ang iyong lakas. Sa kinalaunan, ang buhok ni Samson ay lumagong mulo. Sa isang malaking pagsasalo, dinala ng mga Philistines si Samson upang kutyain siya. Humingi siya ng lakas sa Diyos sa







hiling pagkakataon, itinulak ang dalawang pangunahing haligi ng templo, at ang buong gusali ay bumagsak. Pumatay siya ng mas maraming Philistines sa kanyang kamatayan kaysa sa kanyang buhay. Sa parehong paraan, si Hesus ay nabuhay sa mundo sa kapangyarihan ng Diyos – walang makapipigil sa kanya. Bagaman si Samson ay nakagawa ng napakalaking kasalanan, si Hesus ay hindi nagkasala kahit isang beses. Tulad ni Samson, nanalo si Hesus laban sa kasalanan at sa diyablo na may pinakamalakas na hakbang nang Siya ay mamatay at nabuhay na mag-uli. Dahil kay Hesus, nagkaroon tayo ng biyaya nang ginawa natin ang lahat ng uri ng pagkakamali tulad ni Samson. Si Hesus ay kasama natin at tuturuan tayo kung paano mabuhay para sa Kanya, at madalas ang pagsunod sa Kanya ay nangangahulugang pagtuon ng atensyon sa detalye.

Susunod ako sa Diyos ng detalyado.

### **PAGPAPASIYA 5**


Nang dumating ang kanyang mga magulang, nagdala sila ng bisita upang kumain. Nagulat sila na ang pagkain na niluto ay panis na.



### **AKTIBIDAD 5**

#### **Bagong oportunidad**

Gumuhit ng linya sa isang papel sa paghahati nito sa dalawang seksyon. Sa unang seksyon maglalagay ka ng sitwasyon kung saan nagkaroon ng pagkakamali. Sa kabila maglalagay ka ng isa o higit pang ideya kung paano ka bibigyan Diyos ng pagkakataon at paano mo mababago ang mga bagay.



### **KRONOLOHIYA 5**

Anong taon ipinanganak si Samson? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay ipinanganak noong 1119 B.C.

Kailan namatay si Samson? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay namatay noong 1079 B.C.





## SAGOT SA PALAISIPAN 5



P	A	N	L	I	L	I	N	L	A	N	G	E
I	P	A	G	N	A	P	G	N	O	T	U	B
L	U	A	I	D	N	A	Z	E	R	I	T	E
I	D	L	B	A	N	N	S	A	M	N	L	T
S	I	I	U	G	A	G	O	P	N	A	Z	U
T	B	L	H	A	T	A	B	E	K	K	E	N
I	U	E	O	G	Y	K	R	A	L	U	B	I
N	L	D	K	A	N	O	S	M	A	S	E	D
O	P	I	L	E	T	I	R	A	Z	A	N	O
N	A	H	I	R	A	Y	G	N	A	P	A	K

### TOTOO O MALI

Bilugan ang kung ang sagot ay totoo at kung ang sagot ay mali.

1. Ang lakas ni Samson ay natagpuan sa kanyang puso.
2. Pinagtaksilan ni Delilah si Samson at ibinigay siya sa mga pilistino.
3. Maraming pilistino ang namatay sa pagbagsak ng templo habang si Samson ay nanatiling buhay.
4. Si Samson ay malakas kahit wala ang kanyang buhok.
5. Pinatay ni Samson ang libu-libong lalaki gamit ang panga ng asno.

## MGA TANONG AT SAGOT 5

(Para sa mas matandang mag-aaral)

- Maaari ko bang gawin ang mga bagay sa aking paraan? (Kung gusto nating igalang si Hesus, kailangan nating gawin ang mga bagay sa Kanyang paraan. Bagaman ang kaligtasan ay isang libreng kaloob, sa katapusan ay isinusuko natin ang ating buong pagkatao sa Diyos, kabilang ang mga detalye ng buhay.)
- Ang mabubuting tao ay pumupunta sa langit, hindi ba? (Talakayin ang pagkakaiba sa pagitan ng pagiging mabuti o pagpapabayang gamitin ang kabutihan ni Hesukristo para sa ating mga kasalanan. Walang sinuman ang mabuti.)
- Bakit ako magtitiwala sa Diyos? (Ang Diyos lamang ang mapagkakatiwalaan natin. Ang ating mga ama, mga pastor, at mga guro ay bibiguin tayo paminsan-minsan. Masakit ito, ngunit sa huli, kailangan nating magtiwala sa Diyos lamang.)

## UNANG LARO 5

### Pagtuon ng Atensyon

Ang mga bata ay uupo ng pabilog, at isang bata ang pupunta sa gitna upang subukang hulaan kung sino ang pinuno. Isang pinuno ang pipiliin nang hindi nalalaman ng bata sa gitna kung sino ito. Ang napiling pinuno ay magsisimulang ulitin ang aksyon at kokopyahin ito ng iba pang mga bata,





nang hindi napapansin ng nasa gitna kung sino ang nagsimula nito. Ang aksyon ay dapat simple tulad ng pagtapik ng ulo, paghawak sa ilok, tainga, atbp. Kapag nahulaan ng nasa gitna kung sino ang pinuno, babaguhin nila ang kanilang posisyon at maglalaro silang muli.

### **PAGDALO 5**

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:  
**Samson**



### **TAKDANG ARALIN 5**

#### **Takdang a**

Ang iyong takdang-aralin sa linggong ito ay bigyan ng pansin ang mga detalye ng buhay. Sumusunod ka ba sa iyong mga magulang? Nakakasundo mo ba ang mga tao? Pinatawad mo na ba ang lahat? Mayroon bang isang bagay na itinatago mo mula sa iyong mga awtoridad (mga magulang, guro, pastor, atbp.)? Pumili ng isang detalye kung saan nawawala ka, humingi ng tulong sa Diyos at humingi ng tulong sa Kanya, ikumpisal ito sa isang awtoridad, pagkatapos ay magsisi. Subukang gawin ang tama sa detalyeng iyon para sa natitirang bahagi ng linggo.

#### **Basahin**

Unang Araw: Ruth 1:1-7

Ikalawang Araw: Ruth 1:11-18

Ikatlong Araw: Ruth 2:1-4

Ikaapat na Araw: Ruth 2:19-23

Ikalimang Araw: Ruth 4:9-15







## 6. PAGPALAIN KA NG DIYOS



**Kuwento sa Biblia: Ruth**

Ruth 1:1-3:3, 3:16-4:22

### **KAKABISADUHING TALATA 6**

“Mapalad ang tao na tumitiwala sa Panginoon, at ang pagasa ay ang Panginoon. Sapagka't siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa tabi ng tubig, at naguugat sa tabi ng ilog, at hindi matatakot pagka ang init ay dumarating, kundi ang kaniyang dahon ay magiging sariwa; at hindi mababalisa sa taon ng pagkatuyu, o maglilikat man ng pagbubunga.” Jeremías 17:7-8

### **KAILANGANG KUWENTO 6**

Ngayon sa paaralan, nagbigay ng mungkahi ang guro ni Comet sa buong grupo. “Iminumungkahi ko na araw-araw pagkatapos ng klase ay mananatili kayo upang tulungan akong maglinis ng silid-aralan at isalansan ang mga materyales. Pagkatapos ay agad tayong aalis ng masaya pauwi. Kapag tinulungan ako ng lahat, sa katapusan ng semester ay bibigyan ko kayo ng papremyo.” Nagustahan ng lahat ang ideya pati na rin ni Comet, ngunit medyo mahirap ito sapagkat pinakamalayo ang kanyang tahanan. Ngunit lahat ay nagsimulang manatili. Minsan ay naiisip nila na hindi makabuluhan na manatili sila, at iniisip na ang papremyo ay maaaring maliit. Ngunit hindi tumigil si Comet sa pagtulong sa guro sa kahit na ano. Palagi siyang naroon nang hindi masyadong iniisip ang gantimpala.



### **PANGUNAHING ARALIN 6**

Maligayang pagbabalik! Sa panahon ng mga hukom, tulad nina Jephthah at Samson, ay isa pang magandang kuwento. Isang Israelita ang lumipat kasama ng kanyang pamilya sa Moab dahil sa isang salot. Sa loob ng 10 taon, ang tatay at ang mga anak na lalaki ay namatay. Nabubuhay tayo sa isang mundo na puno ng kasalanan, at may masasamang bagay na nangyayari sa parehong hindi Kristiyano at mga hindi Kristiyano. Sinabi ng Diyos na maaaring magkaroon tayo ng probleman ngunit Siya ay sasaatin sa mga panahong iyon. Ang balo na si Naomi ay bumalik sa Israel kasama ang kanyang dalawang mga manugang na babae na sina Ruth at Orpah. Sa daan, pinabalik sila ni Naomi sa Moab, sapagkat iniisip niya na mas makabubuti ito para sa kanila. Mahal nila ang isa't isa, at ang pagpapaalam ay mahirap. Bumalik si Orpah sa Moab, ngunit si Ruth ay nanatiling tapat kay Naomi, sinabi niya na ang Diyos at mga tao ni Naomi at magiging Diyos at mga tao ni Ruth. Sa tahanan sa Bethlehem, sinabi ni Naomi ang kanyang buhay ay naging mahirap. Kapag may masamang nangyayari sa atin, madaling malungkot. Ngunit nanatiling tapat si Ruth kay Naomi at nagtrabaho ng masipag sa kaparangan ni Boaz, at nangunguha ng barley. Pagkatapos nang sinabi ng kanyang biyenang kung ano ang dapat gawin, sumusunod siya ng walang tanong. Ang katapatan, sipag, at pagkamasunurin ay mas mahalaga sa Diyos kaysa sa magagandang damit, istilo ng buhok, makeup o aksesorya. Napansin din ito ni Boaz. Sinabi niya kay Ruth na patuloy na magtrabaho sa kanyang kaparangan sapagkat mapoprotektahan niya ito. Mabait siya at mapagbigay, iniimbitahan niyang kumain ito kasama ang kanyang mga kasama sa trabaho at binibigyan siya ng mas maraming pagkain. Nang oras na upang magpakasal, inayos ni Boaz ang lahat sa





tama at nakalulugod sa Diyos na paraan. Kabutihan, mapagbigay, at katapatan ang sumasalin kay Hesus at mas mahalaga ito kaysa sa lakas at kagwapuhan. Sinasabi ng Biblia, kapag nagiging masaya tayo sa Diyos, kapag kinokonsidera natin siyang pinakamahalaga at pinakamagandang bagay sa ating buhay, ibibigay Niya ang kagustuhan ng ating puso. (Salmo 37:4) Sinabi ni Hesus dumating Siya upang bigyan tayo ng masaganang buhay. (Juan 10:10) Sinabi din ni Hesus na kapag ibinibigay natin sa Kanya ang lahat, gagantimpalaan Niya tayo ng higit pa sa 100, ang ilan ay sa buhay na ito at ang ilan ay sa kalangitan! (Mateo 19:28-30) Nais ng Diyos na pagpalain tayo. Si Boaz at Ruth ay nagpakasal at nagkaroon ng anak na lalaki ng nagdala ng kasiyahan kay Naomi. Minsan ang biyaya ng Diyos sa atin ay nakakatulong din sa ibang tao. Si Boaz at Ruth ay naging lolo at lola ng hari sa hinaharap na si David at ninuno ni Hesukristo. Ang biyaya ng Diyos sa iyong buhay ay maaaring magmula sa iyong pamilya sa hinaharap, o sa isang kaibigan na palaging gusto mo, o isang magandang trabaho, o mas malaking oportunidad upang maglingkod sa Diyos. Mamaya ay makikita natin na si Comet ay mabibiyayaan. Gumagamit din ang Diyos ng lahat ng bagay na maliit upang ipakita na mahal ka Niya. Nais ng Diyos na biyayaan ka at kapag inuna mo ang Diyos at nagbigay lugod sa Kanya at namuhay sa paraan na gusto Niya kahit pa ito ay mahirap, matutuwa ang Diyos na biyayaan ka.

Naniniwala ako na nais akong biyayaan ng Diyos, at gagawin ko ang lahat upang sumunod sa Kanya anuman ang mangyari.

### **PAGPAPASIYA 6**

Dumating na ang araw, at ibigay na ng guro ang sorpresa kay Comet sapagkat siya lamang ang palaging naroon. Ano sa tingin mo ang regalo?...

WOW, isang BISIKLETA! Isa itong magandang regalo kay Comet, sapagkat makakauwi na siya ng mas maaga at hindi na siya masyadong mapapagod.




### **AKTIBIDAD 6**

#### **Paalala**

Ang sumusunod na trabaho ay para sa mga estudyante upang maalala nila ang mga bagay kung saan sila ay biniyayaan ng Diyos.

Kumuha ng isang letter-sized o A-4 na papel at tupiin ito, tulad ng nasa larawan. Gumuhit ng mga espasyo kung saan sila maglalagay ng isang larawan o ilang iginuhit. Kung mayroon kang larawan sa iyong tahanan, maaari mong gupitin ang espasyo upang ilagay ito dito. Ang mga larawan o iginuhit ay maaaring ang iyong pamilya o ilang pagmamay-ari na mayroon ka at gustong-gusto mo.



### **KRONOLOHIYA 6**

Kailan ginanap ang kuwento ni Ruth? A. Hindi namin alam ang eksaktong panahon, ngunit iniisip na nangyari nang taong 1230 B.C.





## SAGOT SA PALAISIPAN 6



A	N	R	U	A	T	S	O	Y	I	D
Y	A	H	Z	D	A	O	B	G	G	I
A	T	Y	P	A	G	K	A	I	N	K
Y	A	G	I	B	G	A	P	A	M	U
I	P	A	G	E	U	M	B	O	A	B
B	A	E	K	S	T	R	A	O	B	A
A	T	S	E	B	O	L	A	S	A	K
G	A	L	I	T	M	O	A	B	I	Z
M	K	H	A	P	R	O	R	U	T	H



## MGA TANONG AT SAGOT 6

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Kung gayon, ano ang naroon para sa akin? (Ang Diyos ay bukas-palad, at gusto niyang pagpalain tayo.) Ano ang isa sa iyong pinakamalalaking pangarap? Maghintay ng ilang taon upang makita na tinutupad ito ng Diyos! Tingnang mabuti kung ano ang hinihiling ng iyong mga estudyante, na hindi isang bagong kotse, isang bagong mobile , atbp. at tulungan silang mangarap tungkol sa mas mahusay at mas mahalagang bagay.)
2. Kung nais ng Diyos na pagpalain tayo, bakit pinahihintulutan niyang mangyari ang masasamang bagay? (Nabubuhay tayo sa mundo kung saan maraming kasalanan, at may mahihirap na bagay na nangyayari sa lahat. Gayundin, ang Diyos ay higit na nagmamalasakit sa ating puso kaysa sa ating katawan Ang ating kaluluwa at espiritu ay walang hanggan, ngunit ang katawan ay hindi. Gumagamit ang Diyos ng sakit at mahirap na kalagayan upang baguhin ang ating mga puso at maging mas may kamalayan.)
3. Bakit sinasabi ng lahat na "pagpalain ka ng Diyos" sa simbahan? (Ito ay maaaring naging isang kaugalian, isang simpleng pagbati, ngunit dahil lahat ay sanay dito ... bakit hindi ka din lumahok?)








## **UNANG LARO 6**

### **Iba't ibang biyaya**

Isang tao ang nagtitinda, isang tao ang bumibili at ang natitira ay mga biyaya. Itatalaga ng guro ang pangalan ng mga biyaya sa mga bata (halimbawa sa ibaba). Kapag dumating ang bumibili, sasabihin niya: Nais ko ng Biyaya. Sasabihin ng nagtitinda: Anong biyaya ang hinahanap mo? At maaari kang pumili sa listahan.



Tatanungin ng bumibili, magkano ito? Kung naroon ang biyaya, ang bata na kumakatawan dito ay isisigaw ang kanyang edad, tatakbo at susubukang huwag mahuli. Magbabayad ang bumibili ng palakpak na kasing dami ng edad ng bata sa nagtitinda pagkatapos ay susubukang hulihin ang bata na kumakatawan sa biyaya. Kapag siya ay nahuli, ang tumatakbong bata ay talo, at kung hindi, babalik siya at bibigyan ng bagong pangalan. Ang mga biyaya ay maaaring:

1. pagkain
2. kaligtasan
3. kalusugan
4. hamburger
5. damit
6. matamis
7. cake
8. laruan
9. kapayapaan
10. karunungan
11. kasiyahan
12. pamilya
13. pagmamahal
14. kaibigan
15. walang hanggang buhay

Opsyonal: maaari kang gumamit ng lamesa, upuan, puno o maging bato upang kumatawan sa maliit na tindahan.

## **PAGDALO 6**

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

### **Ruth**



## **TAKDANG ARALIN 6**

### **Takdang aralin**

Ang iyong takdang-aralin sa linggong ito ay mag-isip ng isang bagay na mayroon ka na gusto mo, halimbawa ang iyong pamilya, isang kaibigan, ang iyong bahay o kama, isang laruan, ang iyong paboritong klase sa paaralan, atbp. Pasalamatang ang Diyos para dito araw-araw sa linggong ito.





**Basahin**

Unang Araw: 1 Sam 1:1-8

Ikalawang Araw: 1 Sam 1:9-20

Ikatlong Araw: 1 Sam 3:1-6

Ikaapat na Araw: 1 Sam 3:7-14

Ikalimang Araw: 1 Sam 3:15-21



## 7. IDINAGDAG KA BILANG KASAPI NG DIYOS



**Kuwento sa Biblia: Samuel**  
**1 Samuel 1:1-28, 3:1-21**

### ☀️ **KAKABISADUHING TALATA 7**

“Ako’y hindi ninyo hinirang, nguni’t kayo’y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo’y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo.” Juan 15:16

### ☀️ **KAILANGANG KUWENTO 7**

Sa Simbahan ni Comet ay gagawa sila ng Bakasyon sa Paaralan ng Biblia. Lahat ng bata ay inorganisa upang umarte at gumawa ng ibang bagay. Lahat ay sa direksyon ng kanilang guro sa Paaralan tuwing Linggo, ngunit walang anumang malahukan si Comet. Labis siyang nalungkot at naisip na wala siyang silbi, na hindi siya ginagamit ng Diyos o hindi siya gagamitin.



### ☀️ **PANGUNAHING ARALIN 7**

Maligayang pagbabalik sa Mga Bayani ng Pananampalataya! Ngayon ay matututunan natin ang tungkol kay Samuel, ang huling hukom sa Israel at kung paano siya tinawag ng Diyos. Alalahanin ang lahat ng lalaki at babae ng pananampalataya na ating pinag-aralan. Anong klaseng tao sa tingin mo si Samuel: isang magiting na mandirigma, isang mayamang lalaki, o isang pari? Alamin natin kung paano siya tinawag ng Diyos. Isang babae sa Israel ang hindi magkaanak, at labis siyang nalungkot dahil dito. Isang araw nang sumama siya sa kanyang asawa upang sambahin ang Diyos sa templo, tahimik siyang nanalangin na magkaroon ng anak sa Diyos, at sinabi na ibibigay niya ang bata sa Diyos. Pagkauwi niya, sinagot ng Diyos ang kanyang panalangin at nagkaroon siya ng batang lalaki na nagngangalang Samuel. Dinala niya si Samuel sa templo at limaki siya doon sa pangangalaga ng pari na si Eli. Isang araw, nang si Samuel ay isa pa lamang musmos, natutulung siya sa loob ng templo at inaayos ang mga kandila. Isang gabi, may narinig siyang tumatawag sa kanya, “Samuel! Samuel!” Tumayo siya at tumakbo kay Eli at sinabi, “Nandito ako!” Ngunit hindi siya tinawag ni Eli. Matapos ang tatlong beses, naisip ni Eli na tinatawag siya ng Diyos. Sinabi niya kay Samuel na bumalik at makinig sa Diyos. Nang tinawag siyang muli ng Diyos, sinabi ni Samuel, “Narito ako.” Kapag may gustong gawing kahanga-hangang bagay ang Diyos sa Kanyang kaharian, minsan ay iniisip natin na gagamit ang Diyos ng mga anghel o bababa at magsasalita na may malaking boses. Ginawa ng Diyos ang mga ito, ngunit kadalasan, mas gusto ng Diyos na gumamit ng regular na tao tulad mo at ako! Hindi lamang nais gamitin ng Diyos ang mga pastor, misyonaryo, o mga guro. Nais ka ding gamitin ng Diyos, kahit pa isang bata katulad mo! Mamaya ay makikita natin kung paano ginamit ng Diyos si Comet mula sa kuwento ngayon. Sinabi ni Hesus na ang Kanyang tupa (ikaw) ay maaaring marinig at makilala ang kanyang boses. (Juan 10:27) Upang maging handa kapag tinawag ka ng Diyos tulad ni Samuel, maglaan ng oras sa simbahan at tumulong kapag kaya mo. Humingi ng payo sa iyong mga magulang, guro at pastor upang maturuan ka nila kung paano maririnig ang Kanyang boses. At kapag tinawag ka ng Diyos, sabihin mong “Narito ako!” at gawin kung anuman ang nais Niyang







ipagawa sa iyo. Pagkatapos makuha ni Samuel ang mensahe mula sa Diyos, natulog siya ng gabing iyon at sinabi ito kay Eli kinabukasan. Kapag tinawag ka ng Diyos sa kalagitnaan ng pagkain sa restaurant, bilang halimbawa, huwag gagambalain ang ginagawa ng iba upang ikaw ay maging labis na espirituwal. Magpaalam na pupunta sa banyo at doon ay magdasal. Tila kalokohan, ngunit kaya ng Diyos na kausapin ka kahit saan. Pagkatapos ay bumalik at sabihin sa iyong mga magulang o guro ang tungkol dito sa tamang panahon. Tapat na ipinangaral ni Samuel ang salita ng Diyos sa buong buhay niya. Siya ang huling hukom ng Israel, at ginamit siya ng Diyos upang basbasan ang dalawang unang hari ng Israel.

Pinipili kong maging handa kapag tinawag ako ng Diyos.

### **PAGPAPASIYA 7**

Pumunta siya upang makinig sa Bakasyon sa Paaralan ng Biblia. Ngunit isang araw ay nakita niya ang isang batang lalaki na dumalo sa VBS na umiiyak at sinasabi na walang may gusto sa kanya. Nagsimula si Comet na magsalita ng salita ng Diyos at sinabi sa kanya na mahal siya ng Diyos at ang Diyos ay laging nasa kanya. Inimbitahan siya ni Comet sa simbahan, at simula noon ang batang iyon at ang kanyang nanay ay hindi na tumigil sa pagdalo sa simbahan. Doon naisip ni Comet na kailangan talaga siya ng Diyos upang maging bahagi ng kanyang hukbo.



### **AKTIBIDAD 7**

#### **Pagtawag**

Isulat sa isang papel kung paano ka sa tingin mo tinatawag ng Diyos upang magsilbi o sa kung anong paraan ka sa tingin mo tatawagin ng Diyos sa iyong edad o sa iyong sitwasyon. Halimbawa: pagsasalita sa pamamagitan ng Biblia, isang guro, tumutulong sa kaganapan sa simbahan, pagtulong sa kapwa estudyante sa iyong paaralan na nakikita mong umiiyak o sinasabi na wala siyang halaga o hindi gusto ang kanyang buhay.



### **KRONOLOHIYA 7**

Sa anong taon nagsimulang mamuno si Samuel sa Israel? A. Wala kaming eksaktong taon, ngunit iniisip na nagsimula siyang mamuno noong 1143 B.C.

Kailan namatay si Samuel? A. Wala kaming eksaktong taon, ngunit iniisip na namatay siya noong taong 1055 B.C.






### **SAGOT SA PALAISIPAN 7**



P	G	W	M	L	E	A	R	S	I	P
R	A	L	E	U	M	A	S	D	N	A
O	W	G	N	E	A	R	A	I	H	G
P	A	Y	S	L	K	B	G	Y	U	S
E	T	D	A	U	I	G	O	O	D	U
T	A	I	H	L	N	B	H	S	G	N
A	P	N	E	I	I	O	A	U	E	O
W	A	G	D	A	G	A	D	G	G	S
Z	T	U	L	O	G	M	O	K	U	H



### **MGA TANONG AT SAGOT 7**

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Ngunit anong pagkakaiba ang maaari kong gawin? (Kamangha-mangha kung ano ang maaaring makamit ng isang tao. Bagaman mukha tayong maliit, marami tayong magagawa. Makakatulong na kalimutan sa ilang sandali ang malalaking bilang, ang milyun-milyong tao na nagugutom, at tumuon sa isang tao lamang. May isang taong malapit ba sa iyo na may pangangailangan? Ang pagtulong sa ISANG tao ay makakatulong na magsimula tayo ... pagkatapos isa pa ... at isa pa ... At sa lalong madaling panahon ay magiging bahagi ka ng isang MALAKING pagkakaiba!)
2. Bakit walang sapat na pagkain at pera para sa lahat sa mundo? (Tulungan ang inyong mga estudyante na mag-isip tungkol sa sitwasyon. Marahil nais ng Diyos na matuto tayong magbahagi sa isa't isa? Marahil ito ay bahagi ng kasalanan na pumasok sa mundo kasama ni Adan.)
3. Paano kung may galit sa akin? (Hindi tayo magiging kaibigan ng lahat, ngunit hinihiling ng Diyos na tulungan natin maging ang ating mga kaaway. Malay mo. Marahil ay may malaking plano ang Diyos para sa bawat tao, at plano Niyang gamitin ka!)






## ☀️ UNANG LARO 7

### Ang lobo at ang tupa

Ang mga bata ay bubuo ng bilog nang magkakawak kamay. Magtalaga ng isang bata na magiging lobo at isa pang bata bilang tupa. Ang tupa ay pupunta sa loob ng bilog at ang lobo sa labas, ang mga batang magkakahawak kamay ay hindi hahayaang mahuli ng lobo ang tupa. Susubukan ng lobo na huliin ang tupa sa pagpasok sa bilog, maaaring sa itaas, sa ibaba o sa pagtanggap ng magkakahawak kamay. Bawat magkakahawak kamay na dalawang bata na masisira o hahayaang makapasok labas ang lobo ay aalis sa bilog. Ang tupa at lobo ay maaaring magpasok labas sa bilog.



## ☀️ PAGDALO 7

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay: **Samuel**



## ☀️ TAKDANG ARALIN 7

### Takdang aralin

Ang takdang-aralin sa linggong ito ay gumawa ng isang bagay na mahabagin araw-araw, halimbawa pagtulong sa isang matandang tao na tumawid ng kalye, dalhin ang bag ng mga pinamili mula sa supermarket ng isang adulto, tumulong sa ibang estudyante sa paaralan sa kanilang takdang-aralin, atbp. Sa susunod na oras ng klase, sabihin sa iyong guro ang tungkol sa iyong mga ginawa.

### Basahin

Unang Araw: 1 Sam 5:1-6

Ikalawang Araw: 1 Sam 5:7-12

Ikatlong Araw: 1 Sam 6:1-6

Ikaapat na Araw: 1 Sam 6:7-12

Ikalimang Araw: 1 Sam 6:13-16, 7:1



## 8. ANG DIYOS AY MAKAPANGYARIHAN



**Kuwento sa Biblia: Kaban ng Tipan**  
**1 Samuel 4:1-11, 5:1-6:21**

### **KAKABISADUHING TALATA 8**

“Sapagka't ang Panginoon ninyong Dios, ay siyang Dios ng mga dios, at Panginoon ng mga panginoon, siyang dakilang Dios, siyang makapangyarihan at siyang kakilakilabot, na hindi nagtatangi ng tao ni tumatanggap ng suhol.”  
Deuteronomio 10:17

### **KAILANGANG KUWENTO 8**

Isang araw, si Kip ay nasa simbahan kasama ang isang kaibigan, at ang kanyang kaibigan ay halos umiyak sapagkat masakit ang kanyang ulo. Pagkatapos ay naisip ni Kip na ipagdasal siya, upang malaman kung ang sakit ng kanyang ulo ay mawawala. Nagdasal siya saglit at ano sa tingin ninyo ang nangyari?...

Nawala ang sakit sa ulo ng kanyang kaibigan! Mula noon inisip ni Kip na may kapangyarihan siyang pagalingin ang may sakit, at nakalimutan niya na hindi siya kundi ang Diyos ang gumawa nito. Nagyabang siya sa kanyang mga kaibigan sa paaralan tungkol sa nagagawa niya.



### **PANGUNAHING ARALIN 8**

Nang nakaraang linggo natutunan natin na gusto ng Diyos na gumamit ng tao upang gumawa ng mga kahanga-hangang bagay. Ngayong linggo matututunan natin na hindi Niya kailangan ng tao. Noong unang panahon ang presensya ng Diyos ay nabubuhay sa mga Israelita sa itaas ng isang malaking gintong kahon na tinatawag na Kaban. Sa loob ng Kaban ay mga tableta na may sampung utos, tungkod ni Aaron, at isang garapon ng mana o tinapay mula sa langit na kinain ng mga Israelita sa disyerto. Matapos tawagin ng Diyos si Samuel, na natutunan natin noong nakaraang linggo, ang mga Israelita ay nasa malaking digmaan laban sa mga Pilistino. Ang mga Israelita ay natalo sa digmaan, kaya dinala nila ang Kaban ng Diyos kasama nila sa pag-iisip na siguradong mananalo sila sapagkat ang Diyos ay naroroon. Minsan iniisip natin na dapat gawin ng Diyos ang lahat sa paraan na nais nating gawin Niya, tulad ng iniisip ni Kip kanina sa kuwento ngayon. Ngunit ang Diyos ay wala sa bote na naghihintay ng utos. Ang Diyos ay makapangyarihan, nasa lahat Siya ng dako at alam ang lahat, at magagawa Niya ang Kanyang sariling layunin. Sa ikalawang araw ng digmaan, natalo ang hukbo ng mga Israelita, at nakuha ng mga Pilistino ang Kaban. Natakot ang mga Israelita. Minsan ay nag-aalala tayo sa reputasyon ng Diyos, ngunit ang Diyos ay malaki at kaya Niyang panatilihin ito. Kinuha ng mga Pilistino ang Kaban at inilagay sa isang templo sa paanan ng kanilang diyos na si Dagon. Kinaumagahan, ang idolo ay bumagsak ng padapa sa harap ng Kaban! Ibinalik nila ito, ngunit nang sumunod na umaga ay bumagsak na naman ito na sira ang ulo at mga kamay. Lumaganap din ang tumor sa lungsod na iyon. Ang Diyos ay makapangyarihan at kayang lumaban sa Kanyang sariling laban. Dinala ng mga Pilistino ang kaban sa tatlong magkakaibang lungsod at sa bawat lugar ay lumaganap ang tumor. At pagkatapos ay inilagay nila ang Kaban sa isang karo na may ilang ginto at ibinalik ito mismo ng mga baka sa Israel. Pinamunuan ng Diyos ang mga baka







ng walang anumang tulong ng tao. Nang dumating ang kaban sa Israel, ang mga tao ay nagdiwang ngunit may ilang namatay sapagkat tumingin sila ng hindi dapat sa loob ng Kaban. Sinabi ni Hesus na ang tanging dapat nating katakutan ay ang Diyos – ngunit ang Diyos na iyon ay ang atin ding Ama na alam ang bawat detalye tungkol sa atin maging sa bawat buhok sa ating ulo. Mahal Niya tayo at aalagaan Niya tayo. Hindi tayo dapat mag-alala sa kahit na ano. Nang mga unang panahon, ang presensya ng Diyos ay nakasentro sa kahon na ito na tinatawag na Kaban. Ngayon dahil kay Hesus, ang presensya ng Diyos ay pumupuno sa ating mga puso. (1 Corinto 6:19) Pinangalagaan ni Hesus ang mga bagay na nasa Kaban – pinunan ni Hesus ang batas tulad ng mga nasa tableta, Siya ay ang permanenteng pari tulad ng kinakatawan ng tungkod ni Aaron, at Siya ay ang ating pang-araw-araw na espirituwal na tinapay tulad ng mana mula sa langing. Tumuro sa iyong puso. Kapag naniniwala ka kay Hesus, ikaw ay nagiging tulad ng Kaban ng Diyos! Ang ating makapangyarihang Diyos ay mamumuhay sa iyong puso at sasamahan ka saan ka man magpunta.

Naniniwala ako na ang Diyos ay makapangyarihan, at sasambahin ko Siya. Pinipili kong gawing aking hari si Hesus at magtitiwala ako sa Kanya at hindi mag-aalala sa kahit na anuman.

 **PAGPAPASIYA 8**

Isang araw isang kaklase sa kanyang paaralan ang sumakit ang tainga. Sinabi sa kanya ni Kip ipagdadasal niya ito at agad itong mawawala. Ipinagdasal siya ni Kip, ngunit walang nangyari. Labis na nahiya si Kip tungkol dito; nakipag-usap siya sa kanyang guro sa paaralan tuwing Linggo at sinabi sa kanya kung ano ang nangyari. Ipinaliwanag ng kanyang guro na ang kapangyarihan ay nagmumula lamang sa Diyos.



 **AKTIBIDAD 8**


**Mga Talata**

Bigyan ng papel ang bawat bata tulad ng ipinapakita sa ibaba na may limang espasyo. Gupitin ang mga ito at sumulat ng talata bawat araw na nagsasalita tungkol sa kapangyarihan at presensya ng Diyos, tulad ng Salmo 23:1; Mark 10:27, atbp.

1	2	3	4	5
---	---	---	---	---

 **KRONOLOHIYA 8**

Anong taon nakuha ng mga Filipos ang Kaban ng Tipan? A. Hindi namin alam ang eksaktong taon, ngunit iniisip na ito ay nangyari noong 1142 B.C.






## SAGOT SA PALAISIPAN 8



S	S	B	I	B	L	I	A	W	I	T	P	U	A	K
D	O	N	U	S	G	A	P	I	D	N	I	H	L	A
A	Y	T	N	I	N	A	H	A	L	A	L	A	O	R
D	I	U	U	S	N	T	H	I	N	D	I	P	K	I
M	A	N	K	A	R	I	A	S	A	I	S	A	U	T
G	K	G	M	G	A	L	A	O	B	T	T	G	B	O
M	A	K	A	P	A	N	G	Y	A	R	I	H	A	N
B	B	O	S	W	A	D	U	I	K	A	N	G	G	P
A	A	D	I	A	L	H	S	D	U	T	O	N	M	U
K	G	T	M	A	K	A	P	U	N	G	Y	A	R	N
A	M	P	I	L	I	K	S	T	P	I	N	B	A	K



## MGA TANONG AT SAGOT 8

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Paanong ang isang Diyos na makapangyarihan at dakila ay magiging aking kaibigan? (Ang Diyos ay maraming aspeto, kailangan nating matakot sa Kanya, ngunit mabuti rin ito upang malaman na mahal Niya tayo. Sinasabi ng Biblia na alam ng Diyos ang bawat buhok na mayroon tayo sa ating mga ulo; alam Niya kahit ang pinakamaliit na detalye.)
2. Bakit pakiramdam ko ay malayo ang Diyos? (Mula pa sa simula, ang pananampalataya ay sobrang mahalaga sa Diyos. Nais ng Diyos na maniwala tayo kahit hindi natin Siya nakikita. Marahil ay bahagi ito ng Kanyang desisyon na huwag tayong gawing tulad ng robot upang gawin lamang natin ang tamang bagay nang hindi iniisip ang ating sarili. Kung nakikita natin ang Diyos kung sino Siya, lahat tayo ay luluhod sa Kanya. Minsan tila hindi natin nakikita ang Diyos at parang napakalayo Niya, ngunit nakikita ng Diyos ang ating mga puso at nakikita kung sino ang may tunay na pananampalataya.)
3. Magkakaroon ba talaga ng katapusan ng mundo? (Kausapin ang iyong mga estudyante tungkol sa paksang ito, na may hinuhang OO. Kung talagang naniniwala tayo sa Biblia, dapat nating kilalanin na magkakaroon ng katapusan ng mundo gaya ng alam natin.)





## UNANG LARO 8

### Mainit na Patatas

Lahat ng estudyante ay bubuo ng bilog. Habang tumutugtog ang musika, ang mga bata ay magpapasa ng gamit sa loob ng bilog. Kapag natapos na ang musika ang bata na may hawak ng gamit ay kailangang magbigay ng patotoo ng isang bagay na ginawa ng Diyos sa kanyang buhay. (Halimbawa, nang prinotektahan siya ng Diyos mula sa isang bata na nanggugulo sa kanya, o nang binigyan siya ng Diyos ng pagkain, pera, atbp.)



## PAGDALO 8

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

### Kaban Ng Tipan

## TAKDANG ARALIN 8

### Takdang aralin

Ang iyong takdang-aralin sa linggong ito ay humanap ng isang walang lamang posporo o isa pang maliit na lalagyan. Maaari mong palamutihan ito. Isulat ang mga talata sa Bibliya sa mga piraso ng papel, ilagay ito sa maliit na kahon at ilagay ito sa iyong balsa. Sa tuwing mayroon kang problema, maaari mong basahin ang mga talatang iyon. Pagkatapos ay tutulungan ka ng Salita ng Diyos at aaliwin ka sa buhay. Dalhin ang maliit na kahon sa susunod na oras ng klase dito at ipakita sa iyong guro.

### Basahin

Unang Araw: 1 Sam 8:4-11, 17-22

Ikalawang Araw: 1 Sam 9:1-9

Ikatlong Araw: 1 Sam 9:25-10:2

Ikaapat na Araw: 1 Sam 10:9-11, 17-25

Ikalimang Araw: 1 Sam 13:1-14





## 9. KALOOBAN NG DIYOS



**Kuwento sa Biblia: King Saul**

**1 Samuel 8:4-21, 9:15-10:1, 10:20-25, 13:5-14, 15:1-31**

### **KAKABISADUHING TALATA 9**

“Turuan mo akong gumawa ng iyong kalooban; sapagka't ikaw ay aking Dios: ang iyong Espiritu ay mabuti; patnubayan mo ako sa lupain ng katuwiran.” Mga Awit 143:10

### **KAILANGANG KUWENTO 9**

Masama ang loob ni Kip sapagkat hindi siya pinapalabas ng kanyang tatay at parurusahan siya kapag lumabas siya upang makipaglaro sa kapitbahay nilang mga batang lalaki. Alam ni Kip na ang mga batang ito ay hindi mabuti ang pag-uugali. Pagkatapos isang araw ay kinausap ni Kip ang kanyang pastor, at sinabi ayaw na niyang sundin ang kanyang tatay, sapagkat siya ay isang masamang tao. Pagkatapos ay tinanong siya ng pastor, “Pano mo nasabi iyan?” sagot ni Kip, “Sapagkat hindi niya ako pinapalabas upang maglaro, at pinarurusahan niya ako.”



### **PANGUNAHING ARALIN 9**

Nang nakaraang linggo natutunan natin na ang Diyos ay makapangyarihan at may mga plano Siya na gawin ang Kanyang kagustuhan. Ngayon ay matututo tayo mula sa isang tao na nagngangalang Saul, kung ano ang nangyari nang sinubukan niyang baguhin ang kagustuhan ng Diyos o nang sumuway ito sa Kanya. Nang mga araw na iyon, ang Israel ay walang hari at si Samuel pa din ang pinuno ng Israel. Lumapit ang mga Israelita kay Samuel at humingi ng hari tulad ng mga nakapalibot na bansa. Madali para sa atin na makita kung ano ang mayroon ang ating kapitbahay. Kapag nagkukumpara tayo, nagiging hindi tayo kuntento sa kung ano ibinigay ng Diyos sa atin. Ang mga Israelita ay nagmakaawa sa Diyos na bigyan sila ng hari. Sinabi ng Diyos na hindi nila magugustuhan ito at kapag mayroon na sila nito hindi na ito maibabalik. Mahal tayo ng Diyos at alam niya ang makakabuti sa atin, ngunit nakatutukso na itulak ang Diyos para sa ibang bagay. Nahabag ang Diyos at ipinadala si Samuel upang italaga ang isang lalaki na nagngangalang Saul bilang hari. Ngunit habang tumatagal, paunti-unting nagsimulang sumuway si Saul sa Diyos. Ang hindi pagsunod ay maaaring pumasok tulad ni Kip sa kuwento kanina, at dapat kang maging maingat. Sinabi ni Hesus na magbantay at magdasal upang hindi tayo mahulog sa tukso. (Mato 26:14) Sa isang labanan, maghihintay dapat si Saul kay Samuel na mag-alay ng sakripisyo sa Diyos, isang bagay nating mga Levita lamang tulad ni Samuel ang pinahihintulatang gumawa. Naghintay sila ng halos isang buong linggo at nawalan siya ng pasensya. Natakot si Saul na matatalo ang kanyang hukbo – inisip niya na ang mga tao ay mas mahalaga kaysa sa Diyos sa pagpanalo sa laban. Sumuway siya sa utos at nag-alay ng sakripisyo. Sinabi sa kanya ni Samuel na ang Diyos ay naghahanap na ng mas mabuti upang palitan siya bilang hari. Kapag tumigil ka sa paggawa ng kagustuhan ng Diyos, maaaring pinapakawalan mo ang isang kahanga-hangang bagay na ibinigay sa iyo ng Diyos. Dahil sa ginawa ni Hesus sa krus, may awa sa atin ang Diyos upang tulungan tayo sa lahat ng oras. Sa halip na sumuway, humingi ng tulong sa Diyos. Makalipas ang panahon, sinuway ni Saul ang utos ng Diyos na lipulin ang mga Amalekites, at kinuha ang hari at ang pinakamabuting tupa at baka. Sinabi niya na isasakripisyo ito sa Diyos, ngunit







sinabi ni Samuel na mas mabuti ang pagsunod kaysa sa sakripisyo. Sa ating sariling buhay din, habang mabuti ang mga sakripisyo para sa Diyos sa pagbibigay sa kanya ng ating oras, pera, regalo, atbp., mas gusto ng Diyos ang pagsunod. Sinabi ni Hesus na sinumang gumawa ng kagustuhan ng Diyos ay kapatid ni Hesus. (Mateo 12:50) Sinabi din ni Hesus na mas may pakialam ang Diyos sa paggawa sa kanyang kagustuhan kaysa sa pagiging propesiya, pagpapalayas ng mga demonyo, o paggawa ng anumang milagro. (Mateo 7:21-23) Dahil sa hindi pagsunod ni Saul, aalisin ng Diyos ang kaharian sa kanya! Sa buong buhay ni Saul, ang kanyang pagsuway ay naging palala ng palala hanggang sa mapatay siya sa isang labanan. Sa susunod ay pag-aaralan natin ang isang taong mas mabuti na pumalit kay Saul bilang hari, isang lalaki na napakaingat na gawin ang tama anuman ang mangyari.

Pinipili kong sumunod sa Diyos at gawin ang Kanyang kagustuhan, anuman ang gusto Niyang gawin ko.

### **PAGPAPASIYA 9**

Kinausap ng pastor si Kip at sinabi na nais ng tatay niya ang makabubuti sa kanya at dapat niya itong sundin sapagkat inilagay siya ng Diyos bilang awtoridad sa kanyang tahanan. Inisip ni Kip ang sinabi ng pastor, at naisip niya na tama ito, pinoprotektahan siya ng kanyang tatay mula sa mga tao na magiging masamang impluwensya sa kanya.



### **AKTIBIDAD 9**

#### **Ang Salamin**

Ang aktibidad na ito ay upang mawala ang hiya ng mga bata sa isa't isa.

Instruksyon:

1. Ang tao na nakatalaga sa aktibidad ay dapat pagparisin ang lahat ng walang pagkakasunod-sunod.
2. Ang dalawang bata sa bawat pares ay dapat tumayo sa harap ng isa't isa.
3. Una ay susubukan ng isang bata na kopyahin ang galaw ng isa pa tulad ng isang salamin, anumang bahagi ng katawan ang ginagamit nito (maaari niyang gayahin ang ekspresyon nito, igalaw ang braso at binti, atbp.)
4. Pagkatapos ay ang isang bata naman ang gagaya sa kapareha nito.



### **KRONOLOHIYA 9**

Anong taon ipinanganak si Saul? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay ipinanganak noong 1082 B.C.

Anong taon namatay si Saul? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay namatay noong 1010 B.C.






## SAGOT SA PALAISIPAN 9



L	E	U	I	S	I	S	I	S	G	A	P	K
E	G	N	I	B	M	A	H	A	H	G	A	P
U	S	U	S	E	H	S	P	A	H	L	G	S
M	K	A	S	A	L	A	P	R	I	A	H	A
A	M	R	A	H	G	U	R	G	M	L	I	S
S	A	K	U	S	T	L	T	I	S	E	H	E
D	O	N	U	S	G	A	P	I	D	N	I	H
N	A	N	K	A	S	A	L	A	N	A	N	A
O	O	T	U	A	P	A	S	A	M	A	T	L
D	H	I	N	D	B	I	B	L	I	A	A	N
K	R	A	S	A	K	R	I	P	I	S	Y	O



## MGA TANONG AT SAGOT 9

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Paano kung hilingin sa akin ng Diyos ang isang bagay na imposible? (Maraming beses, na nais ng Diyos na gumawa ng himala sa ating buhay. Kailangan lang nating sundin ang nais ipagawa sa atin ng Panginoon, bawat hakbang.)
2. Saan nagmula ang Diyos? (Sinasabi ng Biblia na ang Diyos ay palaging narito. Bago pa man ang mundo, bago tayo at lahat ng alam natin, ang Diyos ay palaging naririto. Ang Diyos ay walang hanggan.)
3. Bakit hindi naniniwala ang lahat sa Diyos? (Ginagabayan tayo ng Diyablo sa ibang direksyon, na hinihila tayo palayo mula sa Diyos. Makipag-usap sa iyong mga estudyante tungkol sa paraan ng maraming tao na nagsasabing naniniwala sila sa Diyos, ngunit ipinapakita ng kanilang buhay na hindi. Ano ang sinasabi ng ating mga ginagawa sa ating paniniwala?)






## ☀️ UNANG LARO 9

### Iwasan ang Bola


Bumuo ng parisukat sa sahig gamit ang tali, ribbon, o linya ng bangko, kung saan kasya ang dalawang grupo ng mga bata. Isang tao bawat pangkat ang pipiliin na tagatira at ilalagay sa kabaligtarang dulo ng kahon. Upang maglaro, ang mga tagatira ay magtatapon ng bola at susubukang tamaan ang mga bata ng kalabang grupo, habang ang mga bata sa loob ng kahon ay iiwasang matamaan. Ang bata na matatamaan ng bola ay aalis sa laro. Ang grupo na sa huli ay may mas maraming bata sa kahon ang mananalo.



## ☀️ PAGDALO 9

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

### Banal Na Kasulatan



## ☀️ TAKDANG ARALIN 9

### Takdang aralin

Ang iyong takdang-aralin sa linggong ito, sa bawat sandali na natutukso ka, manalangin sa Diyos at humingi sa Kanya ng tulong upang gawin ang tamang bagay. Kapag nagkasala ka, humingi sa Diyos ng kapatawaran at magsisi. Hilingin din sa Diyos na tulungan kang gumawa ng mabubuting bagay sa linggong ito, at sa bawat oras na iniisip mong gumawa ng mabuting bagay, halimbawa pagtulong o paghikayat sa isang tao, gawin ito.

### Basahin

Unang Araw: 2 Sam 11:1-13

Ikalawang Araw: 2 Sam 11:14-27

Ikatlong Araw: 2 Sam 12:1-10

Ikaapat na Araw: 2 Sam 12:11-19

Ikalimang Araw: 2 Sam 12:20-25



## 10. DINIDIPLINA TAYO NG DIYOS



**Kuwento sa Biblia: Haring David**

**1 Samuel 16:1-13, 2 Samuel 5:1-5, 11:1-15, 12:1-23**

### **KAKABISADUHING TALATA 10**

“Narito, maginhawa ang tao na sinasaway ng Dios: kaya't huwag mong waling kabuluhan ang pagsaway ng Makapangyarihan sa lahat.” Job 5:17

### **KAILANGANG KUWENTO 10**

Alam ni Peppy na ang pagkuha ng bagay na hindi sa kanya ay mali at hindi ito nakatutuwa sa paningin ng Diyos. Sa paaralan tuwing Linggo mayroong isang babae na laging nakakaiwan ng pera sa sahig o sa lamesa. Sa loob ng tatlong linggo, pinigilan ni Peppy na kunin ang pera. Iniiisip niya, “Walang makakapansin kapag kinuha ko ang pera – Hindi, hindi ko dapat gawin iyon.” Pagkatapos isang linggo ay bumigay siya sa tukso at kinuha ang pera! Nang sumunod na klase sa paaralan tuwing Linggo, nakita ni Peppy ang isang lalaki na kumukuha ng krayola ng ibang bata habang walang nakatingin. Labis siyang nagalit at sumigaw sa klase, “Hoy! Kinuha mo ang krayola niya! Hindi mo ba alam na mali iyan?!” Bagaman humingi na ng paumanhin ang bata at ibinalik ang mga krayola, patuloy pa din itong pinag-usapan ni Peppy sa klase, sinasabi sa mga guro, ibinubulong sa lahat ng babae sa paligid niya, at inuuray siya na nagpapalungkot sa batang lalaki.



### **PANGUNAHING ARALIN 10**

Nang nakaraang linggo natutunan natin kung paano sinuway ng sinuway ni Saul ang Diyos. Ngayon ay pag-aaralan natin ang tungkol sa isang tao na may napakaespesyal na katangian. Ipinadala ng Diyos si Samuel sa Bethlehem upang italaga ang susunod na hari. Humanga si Samuel sa pinakamatandang kapatid na lalaki. Ngunit sinabi ng Diyos na huwag tumingin sa panlabas na kaanyuan sapagkat ang Diyos ay tumitingin sa puso. Pinili ng Diyos ang pinakabatang kapatid na si David bilang hari. Kapag pakiramdam mo ay nanliliit ka o hindi nakikita, huwag kang mag-alala. Ang Diyos ay laging tumitingin sa mga tao na kailangan Siya. (Salmo 14:2) Palagi kang nakikita ng Diyos. Madami tayong matututunan kay David. Isa siyang magiting na mandirigma at makakayang patayin si Saul at sakupin ang kaharian ng madali, ngunit inirespeto niya ang kagustuhan ng Diyos at sinubukang gumawa ng tama. Sinabi ni Hesus na sinumang gustong protektahan ang kanyang buhay ay mawawala ito, ngunit sinumang magbigay ng kanyang buhay kay Hesus ay maliligtas ito. (Lucas 9:24) “Nawala” ni David ang kanyang buhay dahil hindi niya kinuha ang pagiging hari. Matapos ang ilang taon, ginawang hari ng Diyos si David ng Israel, tulad ng ipinangako Niya. Sa parehong paraan, hindi kinuha ni Hesus ang kanyang pagiging hari, ngunit hinayaan ang Diyos na ibigay ito sa kanya. (Filipos 2:6-11) Isang araw nang sinubukang siyang patayin ni haring Saul, may sinabing espesyal si David: huwag mong hahayaang umagos ang dugo mo malayo sa sa presensya ng Diyos. (1 Samuel 26:20) Sa madaling salita: kahit patayin mo ako, ang makasama ang Diyos ay mas mahalaga kaysa sa aking sariling buhay. Tinawag ng Diyos si David na isang lalaki pagkatapos ng sariling puso ng Diyos. (1 Samuel 13:14, Mga Gawa 13:22) Isang kahanga-hangang bagay para sa Diyos







na sabihin sa isang tao! Walang taong perpekto, at dinidisciplina ng Diyos ang mga mahal Niya. (Hebreo 12:6) Isang araw, kinuha ni David ang isang kasal na babae na nagngangalang Bathsheba at ipinadala ang kanyang asawa sa isang digmaan upang mamatay. Nakapanghihilakbot! Ipinadala ng Diyos ang propetang si Nathan upang pagalitan siya. Sinabi niya ang kuwento tungkol sa isang mahirap na lalaki at ng kanyang mahalagang tupa. Isang kapitbahay ang kumuha ng tupa at kinain ito bagaman madami siyang tupa. Nagalit si David, at sinabi na dapat mamatay ang lalaki. Tulad ng inasal ni Peppy sa kuwento kanina, nang nakita niya ang isang bata na gumawa ng mali at labis na nagalit tungkol dito, ipinapakita nito na nagkasala siya sa parehong bagay. (Roma 2:1) Humingi ng tulong sa Diyos upang tingnan ang iyong puso at magsisi. Alalahanin nang kinausap si Saul, hindi niya inaamin ang kanyang kasalanan at lumala ito. Ngunit nang kinausap si David, inamin niya ang kanyang maling ginawa, ang unang hakbang ay maging mas mabuti. Ang disiplina ng Diyos ay kunin ang anak niya at ni Bathsheba. Nagmakaawa si David sa Diyos na hayaang mabuhay ang bata. Maaari din nating hilingin sa Diyos na itigil ang parusa ng ating kasalanan. Minsan ay maaari Niyang pagbigyan ito, ngunit minsan ang parusa ang pinakamagandang bagay upang turuan tayo at ang iba. Namatay ang sanggol, The baby died, ngunit ito ay hindi kawalan ng pag-asa. Ang Diyos sa kanyang pagpapala ay madalas na ginagamit ang lugar ng pagsisi at pagpapanumbalik upang lumikha ng magandang bagay. Si David at Bathsheba at nagkaroon ng bagong sanggol na nagngangalang Solomon. Mahal ng Diyos si Solomon, na naging kasunod na hari at ninuno ni Hesus.

Pinipili kong tumuon sa puso at tanggapin ang disiplina ng Diyos.

### **PAGPAPASIYA 10**

Sa pagtatapos ng klase, nakita ni Peppy ang batang babae na kinunan niya ng pera na hinahanap ang pera sa silid kasama ang guro. Natakot si Peppy at alam niya sa kanyang puso na kailangan niyang ipagtapat ang ginawa niya, ngunit mas nalungkot siya dahil sa panunukso sa batang lalaki sa paggawa ng parehong bagay. Sa wakas, hindi niya na ito matiis at inamin sa guro at sa isa pang babae kung ano ang ginawa niya at ibinalik ang pera. Pagkatapos ay humingi siya ng tawad sa batang lalaki sa panunukso sa kanya buong araw tungkol sa krayola.



### **AKTIBIDAD 10**

#### **Puso**

Ang mga mag-aaral ay gagawa ng isang hugis pusong bookmark. Maaari kang gumamit ng makapal na papel o cardstock at kulayan ito o magsimula sa pulang papel. Opsyonal, maaari mong i-laminate ito o lagyan ng Contac na papel upang gawin itong mas matibay. Maglagay ng laso o sinulid sa butas at gawing laso. Ang bookmark na ito ay tutulong sa iyo na tandaanng dinidisciplina ng Diyos ang mga minamahal Niya.



“Dinidisciplina ako ng Diyos dahil mahal Niya ako.”

### **KRONOLOHIYA 10**

Anong taon ipinanganak si David? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay ipinanganak noong 1040 B.C.

Anong taon namatay si David? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay namatay noong 970 B.C.






## SAGOT SA PALAISIPAN 10



N	A	E	H	B	A	S	B	A	S	A	N	B
P	I	L	A	A	E	L	O	G	G	N	A	S
D	I	I	B	S	Y	T	G	G	A	N	S	N
O	M	S	E	K	A	S	H	N	V	A	B	I
N	A	T	H	A	N	E	A	L	I	H	A	I
U	G	I	S	Y	D	L	R	R	E	T	S	L
S	S	A	H	I	A	A	I	O	G	H	A	I
G	I	N	T	S	V	G	G	S	Y	A	E	P
A	S	L	A	S	I	P	M	U	G	N	A	M
P	I	K	B	V	D	U	S	P	O	Y	A	N



## MGA TANONG AT SAGOT 10

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Dinidisciplina din ba ng Diyos ang buong pamilya, lungsod, o bansa? Mayroon ka bang mga halimbawa? (Oo, ilang beses ipinakita ng Bibliya na dinidisciplina ng Diyos ang buong lungsod. Halimbawa, pinarusahan ng Diyos ang Sodom at Gomorrah. Isa pang halimbawa ay nang ang mga tao ng Israel ay gumawa ng isang idolo sa disyerto ng Sinai at nais ng Diyos na sirain ang lahat ng ito. Humiling si Moises ng awa, at nahabag ang Diyos. Sinunog ni Moises ang idolo at inilagay ang gintong pulbo sa tubig at ininom ito ng mga tao bilang kaparusahan! (Exodo 32) Isang beses pumatay sila ng humigit-kumulang 3,000 katao, at sa ibang pagkakataon ay nagpadala ang Diyos ng isang salot. Isang halimbawa din ang kay Haring Saul nang kinuha ng Diyos ang kaharian mula sa kanya at mula sa kanyang mga anak. Maaari rin nating pag-usapan ang mga bansa sa kasalukuyan o mga lungsod o pamilya. Ngunit maging maingat na sabihing bawat masamang bagay na nangyayari ay kaparusahan. Nagsabi si Hesus ng mga halimbawa ng masasamang bagay na nangyari at sinabi na hindi sila nangyari dahil sa kasalanan ng tao. (Lucas 13:1-5) Ang Diyos ay napakabuti sa atin na maaari nating hingin ang kanyang awa. Kahit tayo ay mula sa masamang pamilya, o isang masamang lungsod o bansa ... at kadalasan ay tinutulungan tayo ng Diyos na lumayo sa masasamang sitwasyon.)
2. Ano ang huling disiplina na natanggap mo, at bakit? (Pag-usapan ang iyong mga karanasan.)
3. Kung ang mga pulis o pulitiko ay nariyan upang disiplinahin ang mga nagkakamali, bakit ang masasamang tao ay malaya at bakit sila nangunguha ng pera mula sa mabubuting tao? (Ang ideya dito ay upang pag-usapan nang magkasama ang tungkol sa kawalan ng katarungan sa mundo, at tanging ang Diyos ang siyang makapagbibigay sa atin ng kapayapaan habang tayo ay nabubuhay sa isang di-makatarungang mundo. Ang mga detalye ay depende sa kung anong bansa o lugar ka na naroroon.)





## ☀️ UNANG LARO 10

### Totoo o Hindi

Ang isang bata ang nakatayo sa harap ng grupo at nagsasabi ng pariralang tulad ng, "Ginawa ni Jonas ang arko," at sasagutin ng mga bata kung ito ay totoo o mali. Kung sa palagay nila ito ay totoo, itataas nila ang kanilang hinlalaki, at kung sa palagay nila ay hindi, ay ibaba ito. Sasabihin ng guro kung ito ay mali o totoo. Ang mga mali ay tatayo at tatakbo sa paligid ng grupo o lugar na kinauupuan, na nagsisikap na makakuha ng lugar kapag sila ay bumalik. Ang sinumang mawalan ng lugar ang magsasabi ng parirala sa susunod na yugto.



## ☀️ PAGDALO 10

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

### David



## ☀️ TAKDANG ARALIN 10

### Takdang aralin

Ang takdang aralin para sa linggong ito ay manalangin sa iyong silid-aralan (paaralan) para sa ilang hindi komportableng sitwasyon na iyong pinagdadaanan, katulad ng sa isang kaklase o kahit na sa guro. Huwag isara ang iyong mga mata, o Kabisaduhin ang parirala, "Dinidisiplina ako ng Diyos dahil mahal Niya ako." Kapag pinarusahan ka ng iyong magulang o guro dahil sa ginawang mali, ulitin ang parirala sa iyong isip: "Dinidisiplina ako ng Diyos dahil mahal Niya ako." Kapag naisip mong, "Ngunit hindi ako gagawa ng mali! Hindi ko balak gawin iyon!" tumingin muli sa iyong ginawa at itala ang iyong tunay na ginawa sa halip na ang iyong intensyon. Tanggapin ang resulta nang hindi ipinagtatangol ang sarili.

### Basahin

- Unang Araw: 1 Mga Hari 5:1-5
- Ikalawang Araw: 1 Mga Hari 6:1-2,14
- Ikatlong Araw: 1 Mga Hari 7:48-51
- Ikaapat na Araw: 1 Mga Hari 8:22-26
- Ikalimang Araw: 1 Mga Hari 8:27-30



## 11. TEMPLO NG DIYOS



**Kuwento sa Biblia: Haring Solomon**

**1 Mga Hari 2:1-4, 3:4-15, 4:29-34, 6:1, 6:37-38, 8:1-8:30**

### **KAKABISADUHING TALATA 11**

“Hindi бага ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo?” I Mga Taga-Corinto 3:16

### **KAILANGANG KUWENTO 11**

Natuklasan ni Buzz na isa sa kanyang mga kaibigan ay naninigarilyo, at inanyayahan siya ng kanyang kaibigan na manigarilyo...

### **PANGUNAHING ARALIN 11**

Nais ni Haring David mula sa nakaraang linggo na parangalan ang Diyos sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang kahanga-hangang templo para sa Kaniya, ngunit dahil si David ay isang mandirigma, hindi niya maitayo ito. Sa halip, ipinangako ng Diyos na ang kanyang tagapagmana ay magtatayo at tutupad sa pangakong iyon nang dalawang beses. Ang anak ni David na si Solomon ang naging kasunod na hari ng Israel. Isang araw ay naghain siya ng isang libong handog sa Diyos. Sinasabi sa Santiago 4: 8 na kapag lumalapit tayo sa Diyos, Siya ay lumalapit sa atin. Nang gabing iyon, sinabi ng Diyos kay Solomon na humiling ng anumang bagay. Hihingi ka ba ng isang pulang sports car? Magagandang damit? Sa halip, humiling si Solomon ng karunungan upang pangalagaan ang kanyang mga tao. Wow! Labis na natuwa ang Diyos na ginawa Niyang pinakamatalinong nabuhay na tao si Solomon at binigyan siya ng mga kayamanan at tagumpay. Nagtayo si Solomon ng isang malaking bato templo na may magagandang ukit sa loob. Isipin ang isang ginintuang silid na may ilaw ng gintong kandila na mas malaki kaysa sa isang tao. Naghanda si Solomon ng isang seremonya para sa 14 na araw kasama ang buong Israel upang ilaan ang templo. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay pumasok sa templo tulad ng isang makapal na madilim na ulap. Naghain sila ng 22,000 baka at 120,000 tupa at kambing. Pagkatapos ay nanalangin si Solomon, hindi para sa kanyang sarili, kundi para sa bayan ng Diyos.



Ang templong iyon ay wala na ngayon, at ang pangalawa, ngunit tinupad ng Diyos ang kanyang pangako na may mas mabuting templo. Habang nasa lupa, sinabi ni Jesus na lilipulin Niya ang templo at muling itatayo ito sa loob ng tatlong araw. (Juan 2:19) Hindi Niya sinasabi ang tungkol sa pisikal kundi espirituwal na itinayo sa pamamagitan ng Kanyang sariling kamatayan at muling pagkabuhay. Nakikita mo ba ang bagong templo ngayon? Oo, ngunit hindi ito gusali ng simbahan. IKAW (maramihan) ay templo ng Diyos! (Efeso 2: 19-22) Tayong mga Kristiyano ay tulad ng mga bloke ng gusali. Ang Espiritu ng Diyos ay nabubuhay sa loob natin, tulad ng ulap sa pagtatalaga ng templo, at magkasama nating binubuo ang espirituwal na templo kung saan ang Diyos ay namamalagi magpakailanman.

Patuloy na itinatayo ito ng Diyos at ginagawang maganda at iniimbitahan tayo na tulungan Siya. Kapag sinabi mo sa iyong mga kaklase ang tungkol kay Hesus o tumulong sa simbahan, tinutulungan mong itayo ito. Kinakailangan ng karunungan upang tulungan ang Diyos sa pagtatayo ng templo nang maayos.







Ang karunungan ni Solomon ay napakapopular na ang reyna ng Sheba ay dumating mula sa malayong upang makinig lamang sa kanya, ngunit si Hesus ay mas dakila kay Solomon. (Mateo 12:42) Si Hesus ang pinagmumulan ng ating karunungan at ibibigay ito sa atin kapag hiniling natin sa Kanya. (Santiago 1:5) Kapag pinagtatawanan mo ang bawat isa kanilang kasalanan, nagtatayo ka ng pangit at mahina. (1 Corinto 3:10-15) Kapag hinihikayat mo ang bawat isa na maging mabait kahit na ang mga taong hindi mabait, tinutulungan mo itong gawing maganda. Sinabi sa atin ni Hesus na mahal in ang bawat isa tulad ng pagmamahal Niya sa atin. (Juan 13:34) Tulad ng ginto, ang kagandahan ay sa paraan ng pakikitungo natin sa iba. Sinabi ni Hesus na ginagawang banal ng templo ang ginto. (Mateo 23:17) Ang mga di-mananampalataya ay maaaring may kagandahang-loob tulad ng ginto, ngunit magiging bahagi ka lamang ng Kanyang templo sa paniniwala kay Hesukristo.

Hihilingin ko sa Diyos na bigyan ako ng karunungan upang makatulong sa pagtatayo ng Kanyang templo sa pagmamahal sa iba.

### **PAGPAPASIYA 11**

Alam ni Buzz na ito ay hindi tama at sinabi, "Kaibigan, huwag mong gawin iyon. Dapat mong alagaan ang iyong katawan, dahil ang paninigarilyo ay nakakasakit sa iyong mga laman loob at nagpapaikli sa iyong buhay. Bilang karagdagan, ang iyong katawan ay ang Santuwaryo ng Banal na Espiritu. Ang Diyos ay naninirahan sa loob mo, at dapat mong alagaan ang iyong katawan at huwag sirain Siya."



### **AKTIBIDAD 11**

#### **Tagatira ng Marshmallow**

Para dito kailangan mo ng plastik na bote o baso, mga lobo at marshmallow o mga bolang papel. Ang unang gagawin ay gupitin ang ilalim ng mga baso. Pagkatapos ay pumutol ng maliit na piraso sa tuktok ng lobo. Magbuhol ng klasikong tali sa ilalim ng lobo at iunat ang pinutol na gilid ng lobo upang ibalot ito sa isang dulo ng baso. Ang pinakamataas na gilid ng baso ay makakatulong na panatilihin ang lobo sa lugar. Pagkatapos ay ilagay ang mga marshmallow o mga bolang papel sa loob ng tasa, at hilahin at bitawan ang lobo upang ilunsad ang marshmallow o papel. Magkaroon ng isang paligsahan upang makita kung sino ang makatitira nito ng pinakamalayo.



### **KRONOLOHIYA 11**

Anong taon ipinanganak si Solomon? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay ipinanganak noong 989 B.C.

Anong taon namatay si Solomon? Hindi namin alam ang eksakto, ngunit iniisip na siya ay namatay noong 931 B.C.





## SAGOT SA PALAISIPAN 11



P	O	G	N	I	L	I	M	U	H	A	P
L	Y	A	M	A	N	T	E	M	O	W	N
E	S	P	I	R	I	T	U	T	D	A	A
S	I	G	A	K	U	I	N	Y	I	M	N
O	P	H	U	N	R	I	N	G	V	U	A
L	I	O	K	A	G	N	A	P	A	G	M
O	R	S	H	E	L	A	S	A	D	H	A
M	K	R	I	S	T	I	Y	A	N	O	Y
O	A	S	O	L	T	E	M	P	L	O	A
N	S	N	A	G	N	U	N	U	R	A	K



## MGA TANONG AT SAGOT 11

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Sa anu-anong paraan natin mapangangalagaan ang ating katawan at kaluluwa? (Banggitin ang ilang pisikal na bagay, tulad ng hindi paninigarilyo, hindi pagdodroga, paghihintay na magpakasal bago makipagtalik, at mag-ingat na hindi makakita ng hindi nararapat na larawan. Banggitin din ang iba't ibang bagay upang alagaan ang puso tulad ng pagpapatawad sa iba, paggalang at pagmamahal sa iba, pagsisisi sa mga kasalanan, at pagpapanatili ng magandang pag-uugali. Ang isang praktikal na paraan upang mapagtagumpayan ang mahihirap na kasalanan ay ang ipahayag ito sa isang pastor o guro, upang humiling ng panalangin at maging tulong sa kanila. Halimbawa, maaari mong hilingin sa kanila na tanungin ka linggu-linggo kung kumusta ka sa iyong personal na pakikibaka laban sa kasalanan.)
2. Masaya bang maging Kristiyano? (Siyempre! Bagaman isa itong ibang kasiyahan. Hindi ito ang saya ng pagsasayaw kasama ng isang guwapong bagong lalaki at makaramdam ng paru-paro sa tiyan. Iba ito, ngunit ang kagalakan, kapayapaan, at kalayaan ay totoo at higit pa sa kung ano ang inaalok ng mundo.)
3. Bakit laging sinasabi ng mga magulan ko sa akin na HINDI? (Dahil gusto nilang protektahan ka.)






## UNANG LARO 11


### Nasirang Telepono

Lumikha 2 ng dalawang grupo na nakatayo sa dalawang hanay. Magsasabi ang guro ng isang parirala sa unang tao ng bawat pangkat, at bawat tao ay sasabihin ang parirala sa kasunod na tao sa kanyang hilera. Ang pangkat na sa huli ay may parirala na halos katulad ng orihinal ang panalo.



## PAGDALO 11

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay: **Salomon**



## TAKDANG ARALIN 11

### Takdang aralin

Ang iyong takdang-aralin ay hikayatin ang isang tao araw-araw sa linggong ito, lalo na ang isang tao na pumupunta sa ibang simbahan kaysa sa iyong simbahan. Kung nakikita mong gumagawa ang isang tao ng mabuti, batiin sila. Kung nakita mo ang isang batang naniniwala kay Hesus na gumagawa ng mali, ipaalala sa kanila sa mabait na paraan na gawin ang tama: huwag sabihing, "masama ka", ngunit sa halip ay sabihing, "ang paggawa niyan ay hindi nakalulugod sa Diyos. Siguro ay maaari mo itong gawin sa halip", at magmungkahi ng isang magandang bagay na magagawa nila. Bonus: basahin ang bahagi ng Sermon sa Bundok sa Mateo 5-7.

### Basahin

Unang Araw: 1 Mga Hari 17:1-6  
Ikalawang Araw: 1 Mga Hari 17:7-11  
Ikatlong Araw: 1 Mga Hari 17:12-16  
Ikaapat na Araw: 1 Mga Hari 17:17-19  
Ikalimang Araw: 1 Mga Hari 17:20-24





# 12. NAKIKITA TAYO NG DIYOS



**Kuwento sa Biblia: Elias**  
**1 Mga Hari 17:1-24**

**KAKABISADUHING TALATA 12**

“Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.” Mateo 6:33

**KAILANGANG KUWENTO 12**

Isang araw bumangon ng maaga si Taffy sa kanyang kama ng masaya. Sa araw na iyon ay nais niyang gumawa ng espesyal na bagay upang ipakita sa kanyang ina kung gaano niya ito kamahal. Lumabas siya sa hardin, pinutol ang pinakamagandang bulaklak upang ilagay ito sa isang lugar kung saan gusto ng kanyang ina, pagkatapos ay pumunta sa kusina upang maghanda ng masarap na almusal. "Ito ang pinakamaganda," sinabi ni Taffy, habang inaayos ang lahat ng bagay sa espesyal na paraan.




Sa wakas, nagising na ang kanyang ina. Hinintay siya ni Taffy sa kainan na handa na ang lahat. Nang lumabas ang nanay ni Taffy... Hindi niya binigyan ng halaga ang mga bulaklak o nagsabi ng magandang umaga kay Taffy. Umupo siya sa almusal at hindi nagpasalamat kay Taffy pagkatapos.

Labis na nalungkot si Taffy at ikinulong ang sarili sa kanyang kuwerto, iniisip na hindi siya mahal ng kanyang ina.

**PANGUNAHING ARALIN 12**

Maligayang pagbabalik sa Mga Bayani ng Pananampalataya! Nang nakaraan, natutunan natin ang tungkol sa templo ni haring Solomon. Pagkatapos nito, nahati ang kaharian sa Israel at Juda. Nang maglaon, pinamunuan ni Haring Ahab ang Israel kasama ng kaniyang masamang asawa na si Jezebel. Dahil sa kanilang kasamaan, nagpadala ang Diyos ng propeta na nagngangalang Elias upang sabihin na hindi uulan sa loob ng ilang taon. Sa panahong iyon, nagtago si Elias sa isang bangin. Palaging nakikita ng Diyos kung ano ang pinagdadaanan natin kahit pa walang ibang inakakakita nito, tulad ni Taffy sa kuwento kanina. Wala kang ginagawa para sa iba na hindi napapansin. At ibibigay ng Diyos ang ating mga pangangailangan, at hindi Niya kailangan ng pera o mga normal na paraan upang gawin ito. Nagbigay ang Diyos ng tubig para kay Elias mula sa isang sapa at nagpadala ng mga uwak na may tinapay at karne dalawang beses sa isang araw. Isipin ang isang ibon na lumilipad sa iyo at binigyan ka ng tinapay! Sinabi ni Hesus na huwag mag-alala sapagkat ang Diyos ay nagbibigay ng pagkain maging sa mga ibon (Mateo 6:26), at sa kuwentong ito, ginamit ng Diyos ang mga ibon upang magbigay kay Elias. Nang natuyo ang batis, isinugo ng Diyos si Elias sa isang di-malamang lugar, hindi sa isang mayamang tao kundi sa isang banyagang balo. Nang humingi si Elias ng tinapay, sinabi niya na mayroon lamang siyang maliit na halaga ng harina at langis na natitita at naisip na mamamatay ang kanyang pamilya pagkatapos nito. Naglaro ka na ba ng laro ng pagtiwala kung saan mahuhulog ka patalikod, at sasaluhin ka ng isang







kaibigan bago ka bumagsak sa lupa? (Ipakita kama ng boluntaryo.) Minsan naghihintay ang Diyos hanggang sa huling minuto, ang araw bago ka maubusan, dahil alam Niya na palalakin nito ang iyong tiwala at pananampalataya sa Kanya. Sinabi sa kanya ni Elias na huwag mag-alala ngunit gumawa pa rin ng tinapay. Sa katulad na paraan, sinabi ni Hesus sa atin na hanapin muna ang Kanyang kaharian at ibibigay Niya ang kailangan natin. (Mateo 6:33) Ang kaniyang harina at langis ay milagrong hindi naubos, at palagi silang may tinapay na makakain. Kapag nagtanong ka, "Paano ako makakakain sa linggong ito? Saan ako makakakuha ng damit na kailangan ko sa paaralan?" manood at makita kung paano nagbibigay ang Diyos. Pagkatapos ay sabihin sa isang tao ang tungkol dito at isulat ito upang maalala mo sa ibang pagkakataon. Nakikita mo na bang nagbigay ang Diyos sa iyo? (Payagan ang isang maikling personal na kuwento.)

Ang Diyos ay hindi lamang nagbibigay ng pagkain at damit, kundi pati na rin buhay. Ang anak na babae ng balo ay nagkasakit at namatay, at kinuha ni Elias ang bata at tatlong beses siyang nanalangin. Maaari kang manalangin para sa iyong di-sumasampalatayang pamilya at mga kaibigan, hindi lamang isang beses, ngunit paulit-ulit. Pagkatapos manalangin ni Elias sa ikatlong pagkakataon, ibinalik ng Diyos ang buhay ng batang lalaki! Si Hesus ay namatay at nabuhay na magmulat at nabuhay ng walang hanggan. Kahit na ang ating pisikal na katawan ay namamatay, bawat isa ay may kaluluwa na nabubuhay magpakailanman. Sinabi ni Hesus na ang kaaway, ang diyablo, ay dumadating lamang upang magnakaw, pumatay, at manira, ngunit si Hesus ay dumating upang magkaroon tayo ng masaganang buhay. (Juan 10:10) Sa pamamagitan ni Hesuskristo, maaari kang mabuhay magpakailanman sa langit kasama ng Diyos.

Nagtiwala ako na nakikita ako ng Diyos. Minamahal ako ng Diyos at laging ibibigay ang kailangan ko.

## **PAGPAPASIYA 12**

Kinabukasan sa paaralan tuwing Linggo, natutunan nila na nakikita ng Diyos ang lahat. Ang guro sa klase ay nagbigay ng bulaklak sa bawat estudyante. Napagtanto ni Taffy na nagsasalita ang Diyos sa kanya na nagsasabing, "Magaling," para sa ginawa niya sa kanyang ina.



## **AKTIBIDAD 12**

### **Magandang Umaga Panginoon**

Sa isang piraso ng papel, ikaw o ang mga bata ay isusulat ang parirala na "Magandang Umaga Panginoon". Palamutian ito gamit ang mga marker, krayola, atbp. Isasabit ito ng mga bata sa kisame ng kanilang kuwarto o sa dingding sa harapan ng kanilang kama. Ang gawain ay basahin ito tuwing umaga kapag nagising sila at sabihin sa Diyos, "Magandang umaga Panginoon." Ipapaalala nito sa kanila na ang Diyos ay laging kasama nila.



## **KRONOLOHIYA 12**

Anong taon nangyari ang kaganapan ni Elijah at ng balo? Tinatayang 868 B.C.






## SAGOT SA PALAISIPAN 12



M	G	A	S	B	E	T	I	N	U	P	A	Y	B	U
S	A	P	A	A	U	L	L	N	A	G	O	L	A	B
A	T	T	S	H	P	H	I	A	Y	P	A	G	K	U
N	S	N	A	P	A	P	A	N	I	D	N	I	H	
S	N	I	G	R	U	W	E	B	S	G	K	U	W	A
Y	A	G	U	I	N	A	G	B	I	B	I	G	A	Y
A	P	W	A	N	P	A	G	K	A	I	N	S	T	I
P	A	N	G	A	N	G	A	I	L	A	N	G	A	N
K	Y	A	T	D	H	I	N	E	Y	A	H	U	B	Y



## MGA TANONG AT SAGOT 12

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Mayroon bang pagkakataon na may ibinigay ang Diyos sa iyo? Ibahagi ang iyong patotoo. (Bigyan ang mga estudyante ng oras upang magbahagi.)
2. Bakit nilikha ako ng Diyos? (Pag-usapan ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos, tungkol sa iba't ibang paraan upang paglingkuran siya, at kung paanong alam ng Diyos ang lahat ng bagay tungkol sa iyo kasama ang iyong mga kaloob, talento, kagustuhan, at pag-uugali.)
3. Kung nakikita ng Diyos ang lahat, nakikita niya ang ating mga pagkakamali. Ano ang pakiramdam mo kapag nahuhuli kang gumagawa ng mali? Sa ganitong sitwasyon, inaamin mo ba ang iyong pagkakamali? (Magsalita tungkol sa mga sitwasyon at kung gaano kahirap tanggapin ang pagkakamali. Huwag hayaang sabihin nila sa iyo na hindi sila gumagawa ng masamang bagay at hindi kailanman nahuli, dahil ito ay isang kasinungalingan!)





## UNANG LARO 12

### **¡Papatukin ang Lobo!**

1. Upang magsimula, itali ang may hangin at malaking lobo sa bukung-bukong ng bawat bata.
2. Magpatugtog ng musika at anyayahan ang mga bata na maglaro sa gitna ng silid.
3. Lahat ng bata ay dapat subukang tapakan ang lobo ng ibang bata, mag-ingat na huwag pumutok ang kanilang sariling lobo.
4. Lahat ng bata na nawalan ng lobo ay aalisin sa laro.




**Layunin:** Papatukin ang lobo ng iba, nang hindi hinahayaang putukin nila ang iyong lobo.

## PAGDALO 12

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

**Elias**



## TAKDANG ARALIN 12

### **Takdang aralin**

Isulat ang pariralang, "Magandang umaga, Panginoong Diyos," sa isang piraso ng papel at ilagay ito malapit sa iyong kama kung saan makikita mo ito tuwing gumigising ka sa umaga. Makakatulong ito sa iyo na tandaang lagi kang nakikita ng Diyos. Kung wala sa iyo na isang bagay sa linggong ito, hilingin ito sa Diyos. Panoorin kung paano nagbibigay ang Diyos at sabihin ang tungkol dito sa iyong guro sa susunod na pagkakataon.

### **Basahin**

Unang Araw: 1 Mga Hari 18:16-21

Ikalawang Araw: 1 Mga Hari 18:22-26

Ikatlong Araw: 1 Mga Hari 18:27-35

Ikaapat na Araw: 1 Mga Hari 18:36-39

Ikalimang Araw: 1 Mga Hari 18:40-46



## 13. ANG TANGING DIYOS



**Kuwento sa Biblia: Si Elias at ang mga Propeta  
1 Mga Hari 18:16-46**

### **KAKABISADUHING TALATA 13**

“Oh Panginoon, ikaw ay aking Dios; aking ibubunyi ka, aking pupurihin ang iyong pangalan; sapagka't ikaw ay gumawa ng kagilagilalas na bagay, sa makatuwid baga'y ang iyong binalak noong una, sa pagtatapat at katotohanan.” Isaias 25:1

### **KAILANGANG KUWENTO 13**

Isang araw sa pampublikong paaralan, napagtanto ni Kip na ang kanyang pampublikong guro ay masama ang pakiramdam. Sinabi sa kanya ni Kip na may kilala siyang makapagpapagaling sa kanya. Sinabi ng guro, "Huwag kang mag-alala, nagpunta ako sa isang babae na gumawa ng ritwal at binigyan ako ng lunas para dito. Mas mabuti na ang pakiramdam ko." Hindi tinanggap ng guro ang tulong ni Kip...



### **PANGUNAHING ARALIN 13**

Nang nakaraan natutuhan natin ang tungkol kay propeta Elias. Sa oras na iyon, sinisikap ng Israel na sambalin ang maraming diyos sa parehong oras. Ngunit ayaw ng Diyos na sumamba tayo sa iba, dahil walang iba pang diyos maliban sa Kanya. Sinabi ni Hesus na hindi tayo makapaglilingkod sa dalawang panginoon, na tayo ay mapopoot sa isa at mamahalin ang isa o mamahalin ang isa at hihiyain ang isa. (Mateo 6:24) Dinala ng propetang si Elias ang buong Israel at ang mga propetang ng huwad na mga diyos sa Bundok Carmel. Sinabi niya sa Israel na pumili ng isang tunay na Diyos at paglingkuran Siya. Sinabi niya sa mga propeta ni Baal na gumawa ng altar at maghanda ng handog, at gagawin din ito ni Elias para sa ating Diyos. Ang alinmang diyos na sumagot ng apoy ay ang totoong Diyos. Nakita natin ang isang halimbawa tulad nito kanina sa guro ni Kip. Ginawa ng mga propeta ni Baal ang sinabi niya, ngunit walang sagot. Pagkaraan ng ilang sandali, tinanong ni Elias kung ang kanilang diyos ay nakatulog o naglalakbay o abala. Hindi natin kailangang mag-alala dahil ang ating isang tunay na Diyos ay hindi kailanman natutulog, hindi kailanman kailangang maglakbay sapagkat Siya ay nasa lahat ng dako nang sabay-sabay, at Siya ay may walang-hanggang katalinuhan at maaaring pamahalaan ang buong mundo sa parehong panahon. Ang iba pang diyos ni Baal ay hindi kailanman sumagot o nagpadala ng anumang apoy para sa handog. Pagdating ng hapon, inihanda ni Elias ang kanyang alay. Nagtayo siya ng isang dambana at inilagay ang handog sa ibabaw nito, pagkatapos ay binuhusan niya ang handog ng tubig upang mas mahirap masunog. Kinuha niya sa kanila ang mga timba ng tubig hanggang sa napunan nila ang isang malaking kanal sa palibot ng altar ng tubig. Hindi mahalaga kung gaano kahirap ang isang bagay, ang ating Diyos ay makapangyarihan sa lahat at makakagawa ng anumang bagay. Nanalangin si Elias, at kaagad sumagot ang Diyos at nagpadala ng apoy mula sa langit! Ang apoy ay kumain ng buong handog kasama ang mga bato, tubig, at kahit ang alikabok sa palibot nito. Sinabi ni Hesus na Siya ang tanging daan sa Diyos, na Siya ang katotohanan at ang buhay. (Juan 14: 6) Walang iba pang paraan sa langit kundi sa pamamagitan ni Hesus sapagkat walang iba pang diyos maliban sa ating isang tunay na Diyos. Ang pagsamba lamang sa ating Diyos ay nangangahulugang hindi sumusunod sa iba pang relihiyon







o naglilingkod sa anumang iba pang diyos. Ngunit may isa pang tusong bagay na madaling makahuhuli sa atin. Pagkatapos ng sinabi ni Hesus na hindi tayo maaaring magkaroon ng dalawang panginoon, nagsalita Siya tungkol sa isa pang bagay na pinaglilingkuran ng mga tao. Sinabi ni Hesus na hindi tayo makapaglilingkod sa Diyos at salapi. (Mateo 6:24) Napakadaling magkagusto sa mas magandang damit, magandang kotse, bahay, laruan, at katayuan. Maaari kang magkaroon ng mga bagay na ito paminsan-minsan, ngunit huwag ayaan ang anumang bagay na maging mas mahalaga sa iyo kaysa sa Diyos. Sa halip, gamitin ang mga ito upang maglingkod sa Diyos at alagaan ang Kanyang mga tao. Alalahanin na natutunan natin nang nakaraan na hanapin muna ang Kanyang kaharian at magtiwala sa Diyos na aalagaan tayo. (Mateo 6:33) Sinabi ni Jesus na sambahin ang Diyos at paglilingkuran lamang Siya. (Lucas 4: 8)

Pinili ko na sambahin lamang ang isang tunay na Diyos at unahin Siya sa aking buhay.

### **PAGPAPASIYA 13**

Makalipas ang ilang oras, at ang guro ay mabuti na, ngunit hindi malusog. Dumating ang araw na naging napakalubha niya at naalaala si Kip at nakipag-usap sa kanya. Dinala ni Kip ang kanyang pastor sa guro. Nanalangin sila para sa kanya, at siya ay ganap na gumaling. Tinanggap ng guro si Kristo sa kanyang puso at kinilala na ang kapangyarihan ay sa Diyos lamang.



### **AKTIBIDAD 13**

Tag ng Pagkakakilanlan

Gupitin ang disenyo sa bawat bata tulad ng ipinapakita. Ang bawat isa ay ilalagay ang kanilang data tulad ng ipinapakita sa larawan at pagkatapos ay ila-laminate ito o babalutan ng Contac na papel o transparent tape upang gawin itong matibay. Maglagay ng kadena, laso, o tali upang isabit sa leeg. Ito ay tutulong sa kanila na matandaan na sila ay pag-aari ng Panginoong Hesukristo at tanging sa Kanya lamang.

Belonging to God

---



---




---



“Pagmamay-ari ng Diyos  
Pangalan: Robert  
Paboritong kulay: asul  
Paboritong pagkain: matamis na tinapay”


### **KRONOLOHIYA 13**

Anong taon nangyari ang kaganapan ni Elijah at ng mga propeta? Tinatayang 866 B.C.






### SAGOT SA PALAISIPAN 13



D	Y	O	P	A	M	A	K	A	P	T	U	B	I	G
S	O	Y	I	Y	D	N	M	G	A	S	I	L	B	I
P	A	S	L	E	M	R	A	C	K	O	D	N	U	B
K	D	I	P	L	N	U	B	A	A	Y	O	A	L	I
A	O	P	L	I	A	R	M	O	T	I	W	A	T	G
N	K	I	A	E	S	P	A	G	S	D	A	M	I	A
A	U	R	N	M	G	A	S	I	L	B	I	B	W	P
M	A	K	A	P	A	N	G	Y	A	R	I	H	A	N
L	B	A	K	R	I	P	A	S	O	R	A	T	L	A
A	P	S	A	M	G	A	P	R	O	P	E	T	A	S



### MGA TANONG AT SAGOT 13

(Para sa mas matandang mag-aaral)

1. Anong mga bagay ang natutukso tayong paglingkuran o sambahin bukod sa Diyos mismo? (Sa ilang lugar, mayroong tukso na maglingkod sa ibang diyos, halimbawa, kapag hindi popular na maging Kristiyano o kapag pinipilit ka ng pamilya o kapag may pagdiriwang sa paaralan. Mayroon ding tukso na maglingkod sa iba pang bagay halimbawa, pera, katanyagan, kasikatan, kagandahan, pagkain, katayuan, pagmamataas at pagkamakasarihan, atbp. Talakayin ang mga halimbawa.)
2. Ano ba talaga ang ibang diyos ng ibang relihiyon? (Sinasabi ng Biblia na sa katotohanan ay hindi sila mga diyos, ngunit mga demonyo na nagsisikap na linlangin ang mga tao at ihiwalay tayo mula sa iisang Diyos. Sinasabi rin ng Biblia na hahatulan ng Diyos ang ibang mga diyos, na, ang mga demonyo, at sila ay itatapon sa lawa ng apoy magpakailanman. Tayo na inilalagay ang ating pananampalataya at tiwala sa ating Panginoong Hesus ay mamumuhay kasama ang Diyos sa langit. Maraming beses na sinabi sa atin ng Diyos sa Biblia na hindi tayo dapat matakot: na ang tanging nabubuhay sa buong sansinukob na dapat nating katakutan ay ang Diyos mismo, ngunit Siya ay nasa ating panig at nagmamahal sa atin. (1 Corinto 10:20, Mateo 10:28-31, Awit 103:13, Roma 8:31))
3. Maaari ba akong magbakasyon mula sa Diyos? (Ang paniniwala sa Diyos at paglilingkod sa Kanya ay hindi isang bagay na dapat gawin sa isang araw at hindi gagawin sa susunod na araw. Pag-usapan ang tungkol sa mga tao (nang hindi ginagamit ang kanilang mga pangalan) kung saan mo nakita ang mga ito na nagbakasyon mula sa Diyos.)






### ☀️ UNANG LARO 13

#### Relay Race

Bumuo ng dalawang grupo at patayuin sila sa dalawang linya sa isang gilid ng kuwarto o lugar ng laruan. Isa-isa, ang mga manlalaro ay aakyat gamit ang isang paa patungo sa kabilang panig at maglagay ng isang (o sulat kung mayroon kang sapat na bata) parirala, "Maglilingkod lamang kami sa Diyos." Ang unang pangkat na makakatapos sa parirala ang panalo.



### ☀️ PAGDALO 13

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin silang dumalo sa susunod na linggo upang magkaroon ng isa pang kard na maaari nilang laruin sa laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

#### Apoy Ng Diyos



### ☀️ TAKDANG ARALIN 13

#### Takdang aralin

Isipin ang iyong paboritong bagay, tulad ng laruan, damit, bag, pera, atbp. Isipin kung paano mo mapaglilingkuran ang Diyos o kung paano makikinabang ang ibang tao dito. Kung ito ay isang laruan, maaari mo itong ibahagi at hayaang paglaruan ito ng iba. Kung ito ay damit at may isang kang nakababatang kapatid na maaaring gamitin ito, hayaan silang hiramang ito. Kung ito ay pera, ibigay ito sa simbahan o sa isang taong nangangailangan nito. Kung ito ay isang bagay na hindi pisikal, halimbawa isang talento o plano sa pag-aaral, manalangin sa Diyos at sabihing, "Panginoon, ang talentong ito, edukasyon, kakayahan, pangarap, atbp. ay sa iyo. Mangyaring gabayan mo ako kung paano ko mapaglilingkuran at tutulungan ang iba." Opsyonal: kung ikaw ay nasa sitwasyon kung saan ang iyong pamilya o komunidad ay sumasamba sa ibang diyos, subukang huwag sumali. Kung ikaw ay obligadong lumahok, manalangin sa Diyos at ibigay sa kanya ang iyong buong puso at humingi sa Kanya ng proteksyon at tulong sa sitwasyon. Ang Diyos, na mas malaki at mas malakas kaysa sa anumang bagay o sinumang iba pa, ay nakikita ang iyong puso.





Heroes 2 Teacher  
Filipino



[www.ChildrenAreImportant.com](http://www.ChildrenAreImportant.com)  
[info@childrenareimportant.com](mailto:info@childrenareimportant.com)  
We are located in Mexico.  
00-52-592-924-9041

